



# Plano Sa Kuryente Ng Komunidad

Limang Taon na Estratehikong Plano  
para sa mga Alok na Programa sa  
Enerhiya ng Kustomer

Mayo ng taong 2023

# Paunawa mula sa Arup

Ang planong ito ay binuo ng Arup US, Inc. sa malapitang koordinasyon sa San Diego Community Power. Ang lahat ng mga rekomendasyon sa planong ito ay mula sa Arup. Ang proyekto ay pinangunahan, at ang plano ay binuo ni Heather Rosenberg at Ann Dennis. Espesyal na pasasalamat kay Sahar Abbaszadeh, Bond Harper, Cole Roberts, Kaiya Levine, Karuna Phillips, Maggie Messerschmidt at Brittany Moffett fort para sa kanilang mga kontribusyon sa proyekto.

## Mga Pagkilala

Kinikilala ng San Diego Community Power at Arup ang pagsusumikap at kasanayan ng maraming mga organisasyon at indibidwal na ginawang posible ang Plano sa Kuryente ng Komunidad. Ibinibigay ang espesyal na pagkilala sa mga sumusunod::

### **SDCP Community Advisory Committee**

Carolyn Scofield  
Matthew Vasilakis

### **Kearns & West**

Joan Isaacson  
Christian Mendez  
Jasmine King  
Taylor Funderburk  
Brisa Aviles  
Beryl Forman

### **Tecoloti**

José Eduardo Sánchez  
Ale Esparza  
Alexia Veytia-Rubio  
Laura Valdes  
Matt Manalo  
Mary Mie-Anne Montenegro  
Nayra Pacheco  
Javi Infante

### **Art Produce**

Nikki Dunnan  
Lynn Susholtz

### **Casa Familiar**

Monica Hernandez  
Alejandro Amador  
Melissa Languren  
Lesly Gallegos

### **Chicano Federation**

Lupe Flores  
Joel Ortiz

### **MAAC**

Elsa Roth  
Victoria Vazquez

### **Project New Village**

Diane Moss  
Jason Cardenas

Higit pang kinikilala ng SDCP ang nakalipas at patuloy na paglahok mula sa mga miyembro ng komunidad sa mga sesyon ng pakikinig, mga workshop ng komunidad, at sa survey ng mga kailangan ng komunidad. Hindi magiging posible ang Plano sa Kuryente ng Komunidad kung wala ang mahalagang ambag mula sa ating komunidad.

SALAMAT!

## Talaan ng mga Nilalaman

	<b>Ehekutibong Buod</b>	<b>1</b>
<b>1</b>	<b>Panimula</b>	<b>9</b>
<b>2</b>	<b>Pagtatasa sa mga Pangangailangan ng Komunidad</b>	<b>14</b>
<b>3</b>	<b>Pagtatasa sa Programa ng Merkado</b>	<b>28</b>
<b>4</b>	<b>Balangkas sa Pagbibigay-prayoridad ng Programa</b>	<b>36</b>
<b>5</b>	<b>Mga Mapagkukunan ng Pagpopondo sa Programa</b>	<b>40</b>
<b>6</b>	<b>Mga Rekomendasyon ng Programa</b>	<b>50</b>
<b>7</b>	<b>Pagsulong</b>	<b>76</b>

# Ehekutibong Buod




# Ehekutibong Buod

## Panimula

Ang San Diego Community Power (SDCP), isang nakabase sa komunidad na tagapagbigay ng malinis na enerhiya, ay lumikha nitong Plano sa Kuryente ng Komunidad (“Plano”) upang magbigay ng estratehikong direksyon para sa pagbuo ng mga programa ng enerhiya ng kustomer sa susunod na limang taon. Bilang isang hindi kumikitang (not-for-profit) pampublikong ahensya, nakatuon ang SDCP sa pagbuo ng hanay ng mga programa ng enerhiya ng kustomer na tumutugon sa mga pangangailangan ng komunidad, na may pagtuon sa mga Pinagtutuunang Komunidad.

Ang proseso sa pagbuo ng Plano ay kinabibilangan ng mga sumusunod na hakbang, na binigyang-tanaw sa mga seksyon sa ibaba:



## Pagtatasa sa mga Pangangailangan ng Komunidad

Ang pagtatasa sa mga pangangailangan ng komunidad ay isang napakahalagang bahagi ng Plano. Sa pagitan ng Mayo at Nobyembre 2022, napakinggan ng SDCP ang higit 3,450 na miyembro ng komunidad sa pamamagitan ng mga sesyon sa pakikinig, mga workshop, mga pop-up event sa mga komunidad na mas mahirap maabot, at sa survey na saklaw ang buong kustomer. Nakatulong ito na maunawaan ng SDCP ang mga hamon, pangangailangan, layunin, at prayoridad na maaaring tugunan sa pamamagitan ng mga programa sa enerhiya ng kustomer. Sa buong proseso ng pakikipag-ugnayan sa komunidad, binigyang prayoridad ng SDCP ang pagkakapantay-pantay at mga Pinagtutuunang Komunidad. Higit pa diyan, hangad ng SDCP na bumuo ng mga saligang pakikipagtulungan sa mga organisasyong nakabase sa komunidad.

Paraan ng Pakikipag-ugnayan	Tantiyang Bilang na Naugnay
<b>Kapwa Pinasinayaan ng Organisasyong Nakabase sa Komunidad ang mga Sesyon sa Pakikinig (2 Round)</b>	325
<b>Mga Workshop sa Negosyo, Mga Pangunahing Stakeholder, at Pampublikong Pakikinig</b>	45
<b>Hindi Pangkorporasyong San Diego County na mga Pop-Up Event</b>	100
<b>Survey sa Pangangailangan ng Komunidad</b>	2,980
<b>Kabuuan</b>	<b>3,450</b>

Sa pagtatasa sa mga pangangailangan ng komunidad, ang pamunuan ng SDCP—ang Lupon ng mga Direktor, Komite sa Pagpapayo ng Komunidad, at mga kawani—ay inugnay rin upang higit na matuklasan ang mga oportunidad para sa SDCP na matugunan ang mga pangangailangan ng komunidad sa pamamagitan ng mga alok na programa nito. Ang lahat ng ambag na natanggap sa buong pakikipag-ugnayan sa komunidad at organisasyon ay ginamit upang tukuyin



Mga miyembro ng komunidad ng San Ysidro na nakilahok sa isang sesyon ng pakikinig na pinagsamahan ng Casa Familiar.


















Mga miyembro ng komunidad ng San Ysidro na nakilahok sa isang sesyon ng pakikinig na.



Mga miyembro ng komunidad ng North Park na nakikiisa sa isang sesyon ng pakikinig na inihanda kasama ng Art Produce.

ang mga pangunahing prayoridad na kalaunan ay isinama sa isang balangkas na kasangkapan sa pagbibigay-prayoridad ng programa. Ang kasangkapan sa pagbibigay-prayoridad ng programa at mga prayoridad sa komunidad at organisasyon ay nakatulong sa pagtatasa sa mga potensyal na programa na inirekomenda sa Planong ito at nagsilbi bilang mahalagang konteksto sa SDCP para sa panghinaharap na disenyo ng programa.

## Ang Naririnig Natin sa Panimulang Pakikipag-ugnayan

Mga Prayoridad ng Komunidad	Mga Prayoridad ng Organisasyon
 <p>Pagbawas sa binabayaran ko sa kuryente</p>	 <p>Pagpapataas ng kamalayan at edukasyon sa enerhiya</p>
 <p>Pagtugon sa pagbabago ng klima sa pamamagitan ng pagbawas sa mga greenhouse gas emission</p>	 <p>Pagpapanatili ng pinansyal na katatagan</p>
 <p>Paglikha ng mga trabaho sa sektor ng enerhiya na may husto at mabuting pasahod</p>	 <p>Pamumuhunan sa mga Pinagtutuunang Komunidad at pagpapanatiling abot-kaya ang enerhiya</p>
 <p>Magantimpalaan sa pag-akma kapag ako ay gumagamit ng enerhiya</p>	 <p>Pangangasiwa sa load flexibility</p>
 <p>Paglanghap ng mas malinis na hangin sa aking tahanan o negosyo</p>	 <p>Pagsasamantala ng paggamit ng infill solar at imbakan ng enerhiya</p>
 <p>Pagbawas sa polusyon ng hangin sa aking komunidad</p>	 <p>Pagpapakita ng pagbibigay benepisyo sa mga kustomer sa pamamagitan ng pamumuhunan pabalik sa komunidad</p>
 <p>Paglikha ng mga oportunidad para sa mga Pinagtutuunang Komunidad para makilahok sa transisyon ng malinis na enerhiya</p>	
 <p>Pagbuo ng mas maraming rooftop solar sa taas ng bubong sa malalayong lugar sa halip na malalaking sistema</p>	
 <p>Pagpapanatiling bukas ng kuryente sa aking bahay o negosyo</p>	

## Pagtatasa sa Programa ng Merkado

Upang maunawaan ang daigdig ng mga umiiral na programa na magagamit ng mga kustomer sa buong California at matutunan ang mga pinakamahuhusay na gawi para sa pagpapatupad ng programa, isang pagtatasa sa programa ng merkado ang isinagawa. Bilang bahagi ng pagtatasa, ang mga alok na programa mula sa iba pang mga tagapagsama ng pagpili ng komunidad, mga ahensya ng estado at rehiyon, mga hindi para sa kita (nonprofits), at San Diego Gas & Electric (SDG&E) ay tinasa para makapagtipon ng isang database ng higit sa 200 na mga programa. Pinag-aralan ang mga programa para sa mga pagkakatulad at kaibahan at kung paano sila nakapaghahatid ng serbisyo. Ang mga programang ito ay dinalisay sa kanilang mga pangunahing katangian tulad ng inilarawan sa ibaba.

Ang mga programa sa pangkalahatan ay sumusunod sa isang batayang istraktura: nagbibigay ang mga ito ng suporta para ipatupad ang isang partikular na aksyon (“ano”) sa isang partikular na uri ng mekanismo (“paano”) para sa isang partikular na uri ng kustomer (“para kanino”):



Ang database ng programa ay kinabibilangan ng isang hanay ng mga teknikal na elemento (tulad ng, katipiran sa enerhiya, pagpapakuryente ng gusali) at mga mekanismo ng paghahatid (tulad ng, mga rebate, tulong sa aplikasyon). Ang mga opsyon ng programa ay tinatasa para sa dalawang uri ng kustomer: kung ang programa ay magagamit ng lahat ng klase ng kustomer o partikular na itinutuon sa mga mababang kita o mga kustomer na nasa dehadong komunidad (tinukoy bilang mga Pinagtutuunang Komunidad sa buong Plano na ito). Tinatasa rin ang mga opsyon ng programa sa buong tatlong sektor ng merkado (tulad ng, pantahanan na isahang pamilya, pantahanan na maramihang pamilya, at komersyal).





## Balangkas sa Pagbibigay-prayoridad ng Programa

Binuo ang isang balangkas na kasangkapan sa pagbibigay-prayoridad ng programa para ipagbibigay-alam kung aling mga programa ang pinakamahasag na humahanay sa mga natukoy na napakahalagang prayoridad ng komunidad at organisasyon sa oras ng pagtatasa sa mga pangangailangan ng komunidad sa isang nabibilang, hindi nagpapabago-bago, at malinaw na paraan. Ang unang hakbang sa proseso ay kinabibilangan ng paglikha ng isang bagong listahan ng higit sa 70 na mga programa na natatangi para sa SDCP batay sa 200 na mga programang pinag-aralan upang pabilisin ang dagdag pang analisis. Ang resultang listahan ay kumakatawan sa mga programa na maaaring humanay sa mga prayoridad ng komunidad at organisasyon ngunit hindi magagamit sa kasalukuyan ng mga kustomer sa teritoryong pinagseserbisuhan ng SDCP (tulad ng, mga gap sa programa), pati rin ang mga programa na kasalukuyang magagamit ngunit maaaring mas mahusay na maihatid sa mga kustomer. Ang balangkas na kasangkapan sa pagbibigay-prayoridad ng programa ay binilang ang dami ng kakayahan ng bawat isa sa mahigit sa 70 na mga opsyon ng programa na masuportahan ang mga natukoy na prayoridad ng komunidad at organisasyon para sa bawat sektor ng merkado (tulad ng, pantahanan na isahang pamilya, pantahanan na maramihang pamilya, at komersyal). Ang nangungunang 20 na mga programa mula sa bawat sektor ng merkado kalaunan ay pinagsama-sama sa mas pangkalahatang mga uri ng programa at inalisa para sa magagamit na pagpopondo.

## Mga Mapagkukunan ng Pagpopondo sa Programa

May dalawang pangunahing paraan na maaaring mapondohan ng SDCP ang mga programa—sa pamamagitan ng kanyang sariling mga panloob na kita o pag-apply para sa panlabas na pagpopondo. Ang pagpopondo sa mga programa gamit ang mga panloob na kita ay magbibigay ng pinakamalaking pleksibilidad para sa SDCP upang magdisenyo ng mga programa na partikular na nakakatugon sa mga pangangailangan ng komunidad; gayunpaman, bilang isang mas bagong organisasyon, dapat ring balansehin ng SDCP ang pagtatatag ng isang malakas na pundasyong pinansyal, na nakakatugon sa mga reserbang target at iba pang mga prayoridad ng organisasyon. Sa panandaliang panahon, ang halaga ng mga kita na maaaring idirekta ng SDCP sa mga kustomer sa anyo ng mga programa ay magiging limitado, ngunit ang halagang iyon ay inaasahang lalaki sa paglipas ng panahon.

Habang binubuo ang mga reserbang pondo at para magkaroon ng lubos na epekto, kailangang habulin ng SDCP ang panlabas na pagpopondo mula sa mga mapagkukunan tulad ng mga ahensya ng estado at pederal. Mas matrabaho para ilapat at pangasiwaan ang panlabas na pagpopondo at mas hindi ito gaanong nakakabagay kaysa sa paggamit ng mga panloob na kita, ngunit ang kabuuang halaga ng dolyar mula sa mga panlabas na mapagkukunan ay maaaring labis na mas mataas. Ang mga pangunahing mapagkukunan ng panlabas na pagpopondo ay kinabibilangan ng California Public Utilities Commission at California Energy Commission, pati na rin ang iba pang mga ahensya ng estado at pederal. Ang pederal na imprastrakturang pamumuhunan at Jobs Act at ang Inflation Reduction Act ay lilikha rin ng mga bagong mapagkukunan ng pagpopondo, na malamang ay ihatid sa pamamagitan nitong mga parehong ahensya ng estado.

## Mga Rekomendasyon ng Programa

Ang proseso ng pagbibigay-prayoridad sa programa ay nagbigay ng listahan ng mga opsyon ng programa na humahanay sa mga prayoridad ng komunidad at organisasyon. May mas maraming uri ng mga programa sa listahan kaysa sa kayang ihatid ng SDCP sa loob ng limang taon at kaya't hindi dapat ituring ang listahan ng mga uri ng mga programa bilang isang listahan ng “gagawin”. Sa halip, ang listahan ay nagbibigay sa SDCP ng kumpiyansa para targetin ang isang pangunahing hanay ng mga opsyon ng programa na nakapokus sa mga pangangailangan ng komunidad. Binibigyan din nito ang SDCP ng pleksibilidad na kapwa magdisenyo ng mga programa kasama ang mga kaakibat sa komunidad at maging mapagtugon sa mga oportunidad ng panlabas na pagpopondo habang ang mga ito ay naglalabasan.

Nakatuon ang SDCP sa pagsuporta sa mga populasyon na sa kasaysayan ay hindi gaanong nakakatawan sa pakikilahok sa programa ng enerhiya at pagtanggap ng mga nauugnay na benepisyo. Dahil dito, mangangako ang SDCP ng hindi bababa sa **50% ng hindi pang-administratibong badyet ng programa**, sa lawak na pinapayagan ng mga pinagmumulan ng pagpopondo, para sa pakikilahok ng mga Pinagtutuunang Komunidad. Itutuon ng SDCP ang disenyo ng programa sa mga Pinagtutuunang Komunidad upang paganahin ang pakikilahok ng lahat ng kustomer. Mahalagang tandaan na habang susundin ng SDCP ang pangako sa mga panloob na pondo, maaaring hindi ito posible sa mga panlabas na pondo dahil sa mga partikular na panuntunan at mga regulasyon.

Bago ang pagbubuo ng Planong ito, itinatag ng SDCP ang isang programa ng **Net Energy Metering** para sa mga kustomer na nakapagbubuo ng nababagong enerhiya sa mismong site, at isang programa ng **Feed-In Tariff** na nagbibigay-insentibo sa mga lokal, maliitang proyekto na nakapagbubuo ng nababagong enerhiya.

Bilang resulta ng Planong ito, sa panandaliang panahon (FY 23/24 – FY 24/25), dapat na magpokus ang SDCP sa pagbubuo ng mga sumusunod na uri ng programa:

1. **Kamalayan sa Enerhiya at Edukasyon** upang ibunsod ang pag-unawa sa mga isyu ng enerhiya at dagdagan ang pakikilahok sa mga programa ng enerhiya na magagamit ng mga kustomer ng SDCP at manggagawa.
2. **Tulong sa Aplikasyon** upang suportahan ang mga kustomer sa paghahabol sa mga umiiral na ikatlong partido na programa na iniaalok ng iba pang mga entidad, kabilang ang SDG&E at mga ahensya ng estado at pederal.
3. **Green Tariff ng mga Mahihirap na Komunidad** at Solar Green Tariff ng Komunidad upang dalhin ang mga benepisyo mula sa mga lokal na proyekto ng solar sa mga taong hindi magawang makapagpakabit ng solar sa kanilang mga bubong at nag-aalok ng 20% na diskwento sa bayarin sa mga karapat-dapat na kustomer na pangtahanan na nasa mga dehadong komunidad na tinukoy ng estado.
4. **Mga Panimulang Programa** upang subukan ang mga konsepto ng programa at suportahan ang implementasyon ng mga proyekto na may mataas na epekto na maaaring gawin gamit ang mas higit na pagpopondo.
5. **Mga Programa ng Grant** upang ipatupad ang mga ideya ng programang inobatibo mula sa mga organisasyon ng komunidad o mga proyektong pang-enerhiya na nakakatulong sa miyembro ng mga ahensya ng SDCP na makamit ang kanilang mga layunin sa pagkilos para sa klima.

Sa **kalagitnaan** (FY 25/26 – FY 26/27), dapat na tuklasin ng SDCP ang mga oportunidad na gamitin ang ilan sa mga sumusunod na uri ng programa. Maaaring magawa ng SDCP ang ilan sa mga uri ng programang ito nang mas maaga kung mayroong pondo at mga pagkakataon. Ang listahang nasa ibaba ay nagbibigay ng maluwag na gabay para sa SDCP upang maisakatuparan nito sa mga susunod na panahon ang isang transpormasyon ng mga programa para sa enerhiya ng mga kustomer at hindi nangangako ang SDCP sa isang partikular na disenyo ng programa o mekanismo ng paghahatid.

6. **Pagpapakuryente ng Gusali:** Mga De-kuryenteng Kasangkapang Pambahay (Appliances) upang mahikayat ang pagpapalit ng mga kagamitang gumagamit ng likas na gas (natural gas) tulad ng mga kalan at pantuyo ng damit.
7. **Pagpapakuryente ng Gusali: Teknolohiya ng Heat Pump** upang mabigyang insentibo ang instalasyon ng de-kuryenteng pagpapainit o pagpapalamig, at pagpapainit ng tubig upang makamit ang pagpapakuryente ng gusali.

8. **Mga Naipapamahaging Mapagkukunan ng Enerhiya: Mga Sistema sa Pag-iimbak ng Enerhiya** upang mabigyang insentibo ang instalasyon ng pag-iimbak ng enerhiya (tulad ng mga baterya) na sinamahan ng mga sistema ng solar onsite.
9. **Mga Naipapamahaging Mapagkukunan ng Enerhiya: Pagtugon sa Pangangailangan** upang mabigyang insentibo ang parehong gawi at instalasyon ng mga kontrol na tumutulong bawasan ang pangangailangan sa pinakamataas na enerhiya mula sa grid at paganahin ang mas mahusay na paggamit ng nababagong enerhiya kapag ito ay magagamit.
10. **Katipiran sa Enerhiya** upang bawasan ang halaga ng enerhiya na ginagamit ng mga kustomer, mapabuti ang panloob na kaginhawahan, at mapababa ang mga bayarin sa enerhiya.
11. **Pagpapakuryente ng Transportasyon: Imprastraktura** upang suportahan ang instalasyon ng mga istasyon ng pagpapakarga ng de-kuryenteng sasakyan at mga kaugnay na teknolohiya.
12. **Pagpapakuryente ng Transportasyon: Magagaang Sasakyan** upang mabigyang insentibo ang paggamit ng mga de-kuryenteng kotse na may pokus sa mga Pinagtutuunang Komunidad.
13. **Pagpapakuryente ng Transportasyon: Katamtaman at Mabibigat na Sasakyan** upang suportahan ang kombersyon ng mga pangkat na sasakyan kabilang ang mga bus na pampaaralan at pambiyahe at mga pangtransportasyong trak.

# Panimula

Kabanata 1



# 1 Panimula

Ang San Diego Community Power (SDCP) ay isang lokal, hindi kumikitang pampublikong ahensya na nagbibigay ng abot-kaya at maaasahang kuryente mula sa mga nababagong mapagkukunan. Bilang isang nakabase sa komunidad na tagapagbigay ng malinis na enerhiya, ang SDCP ay nakatuon sa pagbibigay ng mga programa sa lokal na enerhiya na tumutugon sa mga pangangailangan ng komunidad. Para magawa ito, binuo ng SDCP itong limang taon na estratehikong dokumento na tinatawag na Plano sa Kuryente ng Komunidad (tinatawag bilang “ang Plano” o “Plano”) upang magbigay gabay sa mga uri ng mga programa sa enerhiya na pinakamahusay na nakakatugon sa mga pangangailangan ng komunidad batay sa isang proseso ng ekstensibong pakikipag-ugnayan sa komunidad. Sinasalamang ng Plano ang pangako ng SDCP na mamuhunan sa mga programa at inisyatiba na humahanay sa mga prayoridad, pangangailangan, layunin ng komunidad, na may pokus sa mga Pinagtutuunang Komunidad.

Ang **mga Pinagtutuunang Komunidad** ay tinukoy bilang mga komunidad na nakikilala ng California Climate Investments (Assembly Bill 1550 at Senate Bill 535) na kinabibilangan ng mga disadvantaged communities na nakikilala ng CalEnviroScreen 4.0 at mga komunidad at kabahayan ng mga may mababang kita na may mga kita na nasa o mas mababa sa 80% ng statewide median o mas mababa sa isang threshold na tinukoy bilang low-income ng Department of Housing and Community Development, pati na rin ang mga karagdang census tract na tinukoy ng mga lungsod ng San Diego at Chula Vista sa pamamagitan ng kanilang mga ulat ng Climate Equity Index. Partikular, ang Lungsod ng San Diego ay tinukoy ang mga census tract na ito bilang mga lugar na may sobrang napakababa at katamtamang akses sa oportunidad. Samantala, ang Lungsod ng Chula Vista ay tinukoy ang mga ito bilang ang nangungunang 25% ng lugar ng iskor sa loob ng sarili nitong analisis. Kung ang iba pang mga miyembrong ahensya ay tutukuyin ang mga karagdang census tract sa panghinaharap gaya ng mayroon ang mga lungsod ng San Diego at Chula Vista, kikilalanin ng SDCP ang mga pagtatalagang iyon na napapasailalim ng mga Pinagtutuunang Komunidad.

## 1.1 Ano ang San Diego Community Power?

Ang SDCP ay isang lokal na tagapagbigay ng kuryente sa rehiyon ng San Diego na nagsisilbi sa higit 960,000 na mga account ng kustomer sa kuryente. Nagbibigay ito ng serbisyo sa mga lungsod ng Chula Vista, Encinitas, Imperial Beach, La Mesa, National City, at San Diego, at hindi pa naisasamang mga komunidad ng County ng San Diego (Figure 1).

Ang SDCP ay pinamamahalaan ng isang Lupon ng mga Direktor na kinabibilangan ng isang halal na opisyal mula sa bawat isang miyembrong ahensya at sinusupportahan ng Komite sa Pagpapayo ng Komunidad na kinabibilangan ng dalawang kinatawan ng komunidad mula sa bawat miyembrong ahensya.

Nabuo ang SDCP noong 2019 bilang isang community choice aggregator (CCA) upang bumili ng enerhiya sa ngalan ng mga komunidad nito. Bilang isang tagapagbigay ng malinis na kuryente ng komunidad, may oportunidad ang SDCP na suportahan ang katipiran sa enerhiya at mga programa ng dekarbonisasyon, bumuo ng mas marami pang mapagkukunan ng lokal na nababagong enerhiya sa rehiyon ng San Diego, at mamuhunan sa makabago, malinis na mga teknolohiya at pagsasanay sa trabaho na nauugnay sa enerhiya. Kasalukuyang nagtutustos ang SDCP ng 50% nababagong enerhiya sa pamamagitan ng kanyang alok na serbisyong PowerOn at nagbibigay ng alok ng opsyonal na serbisyo para sa 100% nababagong enerhiya na tinatawag na Power100. Nakapangako ang SDCP sa pagbibigay ng 100% malinis at nababagong enerhiya sa lahat ng mga kustomer pagdating ng 2035 o mas maaga pa—ang pinakaprogresibong pangako ng alinmang CCA sa California at ang kauna-unahang nakapagbigay kahulugan nito sa kanyang Joint Powers Authority Agreement.




Figure 1. Mga miyembrong ahensya ng SDCP

Naiiba ang SDCP sa mga tradisyonal na utilities na pag-aari ng mamumuhunan dahil sa hindi ito nagmamay-ari o nagpapapatakbo ng grid ng enerhiya—nananatili pa rin itong pinanghahawakan ng San Diego Gas & Electric (SDG&E). Sa halip, binibili ng SDCP ang enerhiyang kinakailangan upang matustusan ang kanyang mga kustomer sa pamamagitan ng direktang pangongontrata sa mga tagapagbigay ng nababagong enerhiya. Pinasisimulan nito na kumpetisyon at higit na lokal na kontrol sa merkado ng enerhiya, na nagbibigay-daan sa SDCP na makipag-ayos para sa mas malinis at mas maraming lokal na enerhiya sa kumpetitibong mga rate, at muling ipuhunan ang mga kita sa mga proyekto at programa ng komunidad (Figure 2).




Figure 2. Paano gumagana ang SDCP

## 1.2 Ang Pangako sa Pagkakapantay-pantay ng San Diego Community Power

Ang dokumento sa pagtatatag ng SDCP—ang Joint Powers Authority Agreement—ay pinagtibay ang pangako sa pagkakapantay-pantay ng SDCP sa pamamagitan ng paghahabol sa “mapaglayon at nakapokus na pamumuhunan sa mga Pinagtutuunang Komunidad, pagbibigay prayoridad sa lokal na nababagong kuryente, pagpapaunlad ng mga manggagawa, at mga patakaran at programang nakasentro sa pagkakapantay-pantay ng ekonomiya, kapaligiran, at lipunan.” Ang layunin ng SDCP ay ang magtustos ng abot-kaya, malinis na enerhiya at mamuhunan sa komunidad upang lumikha ng isang matuwid at matatag na panghinaharap para sa rehiyon ng San Diego.

Sa pagsasaisip ng pangakong ito, naisama ang mga matutuwid at mapagbilang na pamamaraan ng pakikipag-ugnayan sa buong pakikipag-ugnayan sa komunidad na isinagawa nang binubuo ang Planong ito. Ang mga pamamaraang ito ay naghahangad na kilalanin, unawain, at tugunan ang mga implikasyon na mayroon ang mga kaibahan sa karanasan ng mga indibiduwal at komunidad sa proseso ng pakikipag-ugnayan. Maingat at mapagtugon din ang mga pamamaraang ito sa mga hindi pagkakapantay-pantay ng lipunan, mga komunidad na hindi gaanong napagsisilbihan, at hindi pantay na mga pangkapaligirang epekto sa mga komunidad. Ang mga partikular na makatuwiran at mapagbilang na pamamaraan ng pakikipag-ugnayan na ginawa nang binuo ang Planong ito ay inilarawan sa pagtatasa sa mga pangangailangan ng komunidad (Kabanata 2).

## 1.3 Ano ang isang Programa ng Enerhiya?

Ang mga programa sa enerhiya ay malawakang tumutukoy sa mga muling pamumuhunan sa komunidad sa samu't saring mga anyo, tulad ng sa pamamagitan ng mga pinansyal na insentibo, rebates, at edukasyon, upang makamitan ang pagbawas sa enerhiya o mga layunin sa pagpapanatili. Sa pangkalahatan, dinisenyo ang mga programa sa enerhiya para tulungan ang mga kustomer na gumawa ng aksyon sa pamamagitan ng pagpapababa sa gastos ng nasabing aksyon, pagbawas sa (mga) hadlang sa pagkilos, o kung hindi man ay pagpapadali na magawa ang aksyon. Isang halimbawa ng programa sa enerhiya ay ang pagbibigay ng insentibo o paunang mga pondo sa mga kustomer upang mabawasan ang gastos ng paglilipat mula sa likas na gas papunta sa de-kuryenteng kagamitan.

## 1.4 Tungkol sa Plano sa Kuryente ng Komunidad (Community Power Plan)

Ang hangarin ng Planong ito ay ang tulungan ang SDCP na matukoy nang mas mahusay ang mga uri ng programa sa enerhiya ng kustomer na dapat ay bigyang prayoridad sa susunod na limang taon upang pinakamahusay na mapagsilbihan ang mga kustomer nito at makamit ang mga layunin ng organisasyon. Para magawa ito, lumikha ang SDCP ng isang Plano na:

1. Nakikipag-ugnayan sa mga komunidad sa buong teritoryo na binibigyang serbisyo ng SDCP upang matutunan ang tungkol sa mga pinahalagahan, pangangailangan at prayoridad ng kustomer,
2. Nagsusuri at nagbibigay prayoridad sa mga opsyon ng programa batay sa mga prayoridad ng kustomer; at
3. Nagbubuo ng estratehikong direksyon para sa SDCP upang gabayan ang pagpapaunlad ng mga indibiduwal na programa sa susunod na limang taon.

Bumuo ang SDCP ng isang project team para sa Plano, na tinukoy sa buong dokumento na ito bilang “ang team”, na kinabibilangan ng kawani sa Programa ng SDCP, mga tagapagpayo sa enerhiya at estratehikong pagpapalano, mga espesyalista sa pakikipag-ugayan sa komunidad, mga eksperto at tagapagsalin sa makatarungang wika, at mga miyembro ng Komite sa Pagpapayo ng Komunidad. Ang team ay nagdisenyo ng isang mapanghangad na proseso sa pakikipag-ugnayan sa komunidad na pinarisan ng teknikal na analisis upang ibaba ang bilang ng mga potensyal na programa sa enerhiya ng kustomer na maaaring ipatupad ng SDCP.

**Ang Planong ito ay hindi isang panresetang dokumento,** nangangahulugan na hindi nito ikinakandado ang SDCP sa isang tukoy na hanay ng mga programa sa enerhiya. Sa halip, nilalayon ng Plano na ipahatid ang metodolohiya na ginamit upang kunan ang ambag ng komunidad at

kung paano ang ambag na iyon ay naipagbigay-alam ang listahan ng mga uri ng programa na pinakamarahil ay tumugon sa mga pangangailangan ng komunidad. **Ang Plano ay nag-aalok ng konteksto at estratehiko na gabay para suportahan ang SDCP sa pagpili at pagbuo ng isang matatag na portfolio ng mga programa.**

## 1.5 Pag-organisa ng Plano sa Kuryente ng Komunidad

Ang mga seksyon sa dokumentong ito ay nakaistraktura para sundin ang proseso na ginawa ng team upang buuin ang Plano (Figure 3). Nasa ibaba ang pangkalahatang-ideya ng bawat isa sa mga kabanata.

- **Kabanata 2 – Pagtatasa sa mga Pangangailangan ng Komunidad:** Ang proseso at mga natuklasan mula sa proseso ng pakikipag-ugnayan sa komunidad at organisasyon na nagbigay kaalaman sa mga pinahahalagahan, pangangailangan, at prayoridad.
- **Kabanata 3 – Pagtatasa sa Programa ng Merkado:** Ang proseso para sa pagtitipon at pagsusuri sa daigdig ng mga umiiral na programa sa enerhiya ng kustomer na nakagawa ng isang toolbox na binuo ng team upang makihanay at tugunan ang mga pangangailangan ng komunidad.
- **Kabanata 4 – Balangkas sa Pagbibigay-prayoridad ng Programa:** Ang balangkas para sa pag-iskor sa isang kontribusyon ng programa sa mga prayoridad ng komunidad at organisasyon at pagranggo sa mga programa mula sa pinakamataas hanggang sa pinakamababa na prayoridad.
- **Kabanata 5 – Mga Mapagkukunan ng Pagpopondo sa Programa:** Ang pagtatasa ng mga magagamit na mapagkukunan ng pagpopondo upang wastong mapili at maipagbaha-bahagi ang mga programa.
- **Kabanata 6 – Mga Rekomendasyon ng Programa:** Ang hanay ng mga uri ng programa na inirerekomenda mula sa estratehikong balangkas na ito.




Figure 3. Proceso ng Plano sa Kuryente ng Komunitads



# Pagtatasa sa mga Pangangailangan ng Komunidad

Kabanata 2



## 2 Pagtatasa sa mga Pangangailangan ng Komunidad

Ang pagtatasa sa mga pangangailangan ng komunidad ay resulta ng pakikipag-ugnayan sa higit 3,450 miyembro ng komunidad sa pamamagitan ng mga sesyon ng pakikinig, mga workshop, mga pop-up event sa mga komunidad na mas mahirap maabot, at isang survey na saklaw ang buong kustomer sa pagitan ng Mayo at Nobyembre 2022. Ang layunin ng proseso sa pakikipag-ugnayan sa komunidad ay upang matutunan ang mga pagpapahalaga, pangangailangan, at prayoridad ng mga komunidad ng SDCP at sa kabilang banda, ay gamitin ang ambag upang ipagbigay-alam ang mga alok ng programa sa hinaharap na tumutugon sa mga pangangailangan ng komunidad. Sa panahong ito, nakipag-ugnayan din ang team sa pamunuan ng SDCP—ang Lupon ng mga Direktor, Komite sa Pagpapayo sa Komunidad, at mga kawani—upang higit pang galugarin ang mga oportunidad para sa SDCP bilang isang organisasyon na matugunan ang mga pangangailangan ng komunidad sa pamamagitan ng mga alok na programa.

Ang kabanatang ito ay nagbibigay ng isang pangkalahatang-ideya sa proseso ng pakikipag-ugnayan sa komunidad at organisasyon, kabilang kung paano binigyang prayoridad ng SDCP ang mga Pinagtutuunang Komunidad at iba pang mga komunidad na sa kasaysayan ay hindi gaanong nakatawan sa mga proseso ng paggawa ng desisyon, at ang mga mahahalagang tema at mga natuklasan ng pagtatasa sa mga pangangailangan ng komunidad.



Pagpapalaganap ng kaganapan sa Dulzura, CA, isang hindi nai-incorporate na komunidad sa San Diego County.



Mga miyembro ng komunidad ng North Park na nakikiisa sa isang sesyon ng pakikinig na inihanda kasama ng Art Produce.

### 2.1 Proseso sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad

Ang proseso sa pakikipag-ugnayan sa komunidad ay nagbigay sa SDCP ng isang mahalagang oportunidad na direktang mapakinggan ang mga miyembro ng komunidad at makabuo ng mga relasyon sa mga kaakibat ng komunidad. Nakapamuhunan ang SDCP sa pagbuo at pagpapanatili ng mga relasyon sa mga kaakibat ng komunidad nang sa gayon ang ambag ng komunidad ay makapagpatuloy na ipagbigay-alam ang disenyo at implementasyon ng panghinaharap na programa. Ang isinagawang proseso sa pakikipag-ugnayan sa komunidad bilang bahagi ng Planong ito samakatuwid ay dapat na tingnan bilang isang napakahalagang hakbang sa pagtatatag ng isang patuloy na relasyon sa komunidad, kaysa sa proseso na pangminsanan lamang.



Mga kasapi ng komunidad sa Southeast San Diego na nakilahok sa isang sesyon ng pakikinig na ko-host ng Project New Village sa kanilang Pagdiriwang ng Tag-init para sa Kalusugan at Pagpapagaling (Health & Healing Summerfest) na kaganapan.

### **2.1.1 Pagbibigay-prayoridad sa Pagkakapantay-pantay at sa mga Pinagtutuunang Komunidad**

Nakapangako ang SDCP na gawing sentro ang pagkakapantay-pantay sa anumang isinagawang pakikipag-ugnayan sa komunidad at sa Planong ito. Para gawin ang makahulugang pagkakapantay-pantay at mapagbilang na pakikipag-ugnayan, binigyang prayoridad ng SDCP ang pakikipagtulungan sa, at pagbibigay ng kompensasyon sa mga lokal na organisasyon na nakabase sa komunidad na direktang nakikipagtulungan sa mga miyembro ng komunidad sa mga Pinagtutuunang Komunidad at makapagtataguyod para sa kanilang mga pinagsama-samang pangangailangan. Ang mga partikular na prinsipyo sa makatuwiran at mapagbilang na pakikipag-ugnayan na isinama sa pakikipag-ugnayan sa komunidad para sa Planong ito ay nakatala sa ibaba.

#### ***Pagpapababa sa mga hadlang***

Ang team ay nagtatupad ng mga estratehiya sa pakikipag-ugnayan na mapagtugon sa iba't ibang mga pangangailangan ng tao, pangyayari, at/o magkakaibang karanasan sa pakikipag-ugnay sa mga pampublikong ahensya upang bumuo ng kaginhawahan at pagtitiwala. Ang team ay gumamit ng mga estratehiya at aktibidad na pinapababa ang mga hadlang sa pakikilahok, kabilang ang dami ng oras na kinakailangan para sa pakikilahok at pagbibigay ng birtwal at personal na mga opsyon. Nagpokus ang team sa pagpapanatili ng pleksibilidad at pagkakaangkop upang maisama ang mga aralin na natutunan sa panahon ng proseso sa pakikipag-ugnayan.

#### ***Pagpapahalaga sa ambag***

Pinahahalagahan ng team ang lokal at isinasabuhay na kaalaman sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pag-unawa sa mga prayoridad at inisyatiba ng bawat komunidad kapag humihingi ng ambag. Kasama rito ang pangongolekta ng mga pananaw patungkol sa mga kasalukuyang layunin, proyekto, at potensyal na solusyon ng komunidad.

#### ***Nagdurugtong ng mga pakikipagtulungan***

Ang team ay nagtatag ng mga pakikipagtulungan sa mga organisasyon na nakabase sa komunidad sa buong teritoryo na binibigyang-serbisyo ng SDCP. Sa paggawa nito, nagkamit ang SDCP ng isang mas malalim na pag-unawa sa mga isyu, prayoridad, at epektibong pamamaraan sa pakikipag-ugnayan ng mga pangunahing stakeholder nito at sa kani-kanilang komunidad.

#### ***Pagkilala sa mga pang-araw-araw na hamon***

Kinikilala ng team ang mga pang-araw-araw na hamon na kinakaharap ng mga miyembro ng komunidad at iniangkop ang paksa sa kanilang mga pangangailangan at karanasan. Halimbawa, ang pagtugon sa pagbabago ng klima at pagbawas sa polusyon sa hangin ay maaaring hindi nangungunang prayoridad para sa mga miyembro ng komunidad na nahaharap sa maraming uri ng hirap. Dagdag pa diyan, ikinonsidera ng team na ang pagpapataas sa mga bayarin ng kuryente at sa maraming sambahayan na nahuhuli sa pagbabayad at nasa peligro na maputulan ng serbisyo ay malamang na lumikha ng ilang paunang pagkawalang-tiwala sa SDCP.

### ***Pagtataguyod ng kakayahang maiakses***

Ikinokonsidera ng team ang kakayahang pag-akses sa pinakamalawak na hanay ng mga katangian ng komunidad, kabilang ang wika, akses sa internet, pisikal na kapansanan, limitasyon sa oras, at pag-unawa sa paksa. Binuo ang mga materyales at presentasyon para sa malawakang pag-unawa gamit ang mga hindi teknikal at pinasimpleng salita.

### ***Isinasama ang katarungan sa wika***

Ginagamit ng team ang isang katarungan sa wika sa buong proseso ng pakikipag-ugnayan sa komunidad. Kinikilala ng katarungan sa wika ang kapangyarihan ng wika at mga paraan na binabagtas nito at sinasalamin ang kasaysayan, kultura, at pagkakakilanlan ng isang komunidad bilang isang napakahalagang bahagi ng pagtatatag ng tiwala at pag-unawa. Tiniyak nito na lahat ng nabibilang sa proseso ay makapagsasalita, makakaunawa, at mauunawaan sa (mga) wika kung saan sila pinakakomportable. Kasama rin dito ang pangako sa paglikha ng mga oportunidad sa maraming wika at halong wika kung saan ang lahat ng mga komunidad, lalo na ang mga hindi nakapagsasalita ng Ingles bilang unang wika, ay maaaring pahalagahan bilang kapantay na kalahok. Sinusuportahan din ng katarungan sa wika ang pagbuo ng mga naaakses at may kaugnayang kasangkapan at estratehiya sa komunikasyon na kumokonekta sa natatangi at sari-saring karanasan, interes, at prayoridad ng mga komunidad.

### **2.1.2 Estratehiya sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad**

Ang estratehiya para sa pakikipag-ugnayan sa komunidad para sa Planong ito ay binuo sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga miyembrong ahensya ng SDCP at sa mga lokal na grupo ng komunidad na mayroong ekstensibong karanasan sa pakikipag-ugnayan sa komunidad at pinakamahasag na nauunawaan kung paano maaabot ang kanilang mga stakeholder, kabilang ang mas mahihirap na maabot na populasyon. Ang nagreresultang estratehiya sa pakikipag-ugnayan ay nakapokus sa pag-unawa ng mga katangian ng komunidad, mga makasaysayan at kasalukuyang hamon, at mga hadlang para sa epektibong pakikipag-ugnayan. Nakasentro ito sa pakikipagtulungan sa mga lokal na organisasyon at stakeholder na nakabase sa komunidad na direktang nakikipagtulungan sa mga miyembro ng komunidad at maaaring magtaguyod para sa kanilang mga pangangailangan at pinakamahuhusay na gawi para sa makahulugang pakikipag-ugnayan.

Sa buong proseso ng pakikipag-ugnayan sa komunidad, nilayon ng team na linangin ang bukas at malinaw na komunikasyon tungkol sa kung paano gagamitin ang ambag upang ipagbigay-alam ang Plano. Dahil sa pandemyang COVID-19, ang mga aktibidad sa pakikipag-ugnayan ay sadyang ginawa na maging mapag-angkop at bumabagay upang makasunod sa mga hakbang sa pampublikong kaligtasan at sumalamin sa mga antas ng kaginhawahan at pagkabahala sa kalusugan ng mga komunidad at indibiduwal. Tingnan ang Karagdagang Apendiks A para sa detalyadong estratehiya ng pakikilahok.

### **2.1.3 Mga Paunang Pamamaraan sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad**

Upang maunawaan kung ano ang pinahalagahan at binibigyang-prayoridad ng mga kustomer ng SDCP, gumamit ang team ng mga nakapokus na pag-uusap at mga sesyon sa pakikinig sa mga organisasyong nakabase sa komunidad at kanilang mga miyembro, mga panayam sa mga may interes na grupo, at mga workshop sa pakikinig sa mga negosyo, pangunahing stakeholder, at pangkalahatang publiko.

Ang natipong impormasyon mula sa paunang pakikipag-ugnayan sa komunidad ay nagsilbi ng dalawang hangarin. Una, ginamit ng team ang impormasyon para tukuyin ang mga pangunahing tema sa sari-saring pamamaraan sa pakikipag-ugnayan na isinama bilang may kalidad na data sa mga natuklasan ng pagtatasa sa mga pangangailangan ng komunidad. Pangalawa, ang mga pangunahing tema ay nakaimpluwensya sa mga naisamang katanungan sa survey sa mga pangangailangan ng komunidad.

### ***Kapwa Pinasinayaan ng Organisasyong Nakabase sa Komunidad ang mga Sesyon sa Pakikinig***

Ang isang sentral na bahagi ng gawain sa pakikipag-ugnayan sa komunidad ay ang pagkakaroon ng mga nakapokus na pag-uusap sa mga miyembro ng komunidad. Para magawa ito, ang team ay nakipagtulungan sa limang organisasyon na nakabase sa komunidad para kapwa pasinayaan ang dalawang round ng mga sesyon sa pakikinig sa kanilang mga miyembro. Pinili ang mga organisasyon

batay sa kanilang representasyon ng mga residente na naninirahan sa mga Pinagtutuunang Komunidad, bakas ng serbisyo sa maraming mga miyembrong ahensya, karanasan at kakayahan na maipagsama-sama ang mga miyembro ng komunidad, at pagtatag ng relasyon at tiwala sa mga miyembro ng komunidad. Ang Talahanayan 1 ay kinabibilangan ng nakabase sa komunidad na mga kaakibat na organisasyon para sa Planong ito at ang mga komunidad na kanilang kinakatawan.

Talahanayan 1. Mga kaakibat na Organisasyon na Nakabase sa Komunida

Organisasyong Nakabase sa Komunidad	Komunidad na Kinakatawan
<b>Art Produce</b>	Gitnang Lungsod ng San Diego
<b>Casa Familiar</b>	San Ysidro
<b>Chicano Federation</b>	Mga komunidad na malapit sa mga puwerto ng San Diego
<b>MAAC</b>	Hilaga at silangan ng San Diego County
<b>Project New Village</b>	Timog-silangang San Diego



The Chicano Federation



Ang unang round ng mga sesyon sa pakikinig ay naganap sa pagitan ng Agosto at Setyembre 2022 at halos 200 na miyembro ng komunidad ang nakilahok. Ginanap ng team ang mga sesyon sa Ingles o Espanyol na may live na serbisyo ng pagsasalina sa direksyon ng mga kaakibat na organisasyon. Sa pangalawang round ng mga sesyon sa pakikinig na naganap sa pagitan ng Nobyembre at Disyembre 2022, ibinahagi ng team pabalik sa komunidad ang mga pangunahing natuklasan mula sa survey sa mga pangangailangan ng komunidad at humiling ng karagdagang feedback.

Bilang bahagi ng makatwirang pakikipag-ugnayan, naglaan ang SDCP ng kabuuang \$20,000 para sa kompensasyon ng mga organisasyong nakabase sa komunidad na kapwa pinasinayaan ang dalawang round ng mga sesyon sa pakikinig para sa kanilang oras at pagsusumikap ng mga kawani na maiayos ang mga sesyon sa pakikinig. Binayaran din ng SDCP ng mga gift card ang mga kalahok sa sesyon ng pakikinig para sa kanilang oras at ibinahaging karanasan ng pamumuhay. Tingnan ang Apendiks B at C para sa mga buod ng dalawang round ng mga sesyon ng pakikinig sa mga organisasyon na nakabatay sa komunidad, kasama na ang detalyadong ulat ng mga naging kagampanan sa mga sesyong ito.

### **Hindi Isinamang Mga pop-up event ng San Diego County**

Ang mga miyembro ng komunidad sa mga hindi isinamang San Diego County ay mas mahirap maabot dahil sa kanyang malawak, pangnayong heograpiya, at maraming komunidad ang hindi pa nakakapagpatala sa serbisyo ng SDCP, na nagreresulta sa mas kaunting kamalayan sa SDCP. Para sa mga kadahilanang ito, gumamit ang team ng ibang pamamaraan sa pakikipag-ugnayan sa mga hindi naisamang county. Sinalihan ng team ang isang serye ng mga pop-up event sa buong hindi naisamang County, kabilang ang sa labas ng merkado, sa silid-aklatan, at sa mga kaganapan sa distribusyon ng pagkain para magtipon ng impormasyon mula sa higit 100 na mga residente. Tingnan ang Apendiks D para sa buod ng mga unincorporated San Diego County pop-up na mga kaganapan at mga nakuhang input.

### **Mga Panayam sa Interest-Group Stakeholder**

Para punan ang mga sesyon sa pakikinig, sumali ang team sa mga panayam sa “interest-group stakeholders”— mga organisasyon, grupo, at ahensya na may malapit na relasyon sa mga miyembro ng komunidad at inunawa ang mga pangangailangan, prayoridad, at hamon ng komunidad o mga kinatawang populasyon na gusto ng SDCP na tiyaking naugnay sa panahon ng Planong ito. Humiling ng mga panayam ang team mula sa higit sampung organisasyon o grupo na kumatawan sa isang malawak na koalisyon ng interes kabilang ang pagpapaunlad ng komunidad, pabahay,

at mga serbisyong panlipunan. Isinagawa ang mga panayam sa mga kinatawan na mula sa Chula Vista Community Collaborative, Encinitas Community Resource Center, International Brotherhood of Electrical Workers Local 569, Logan Heights Community Development Corporation, San Diego Housing Federation, at San Diego & Imperial Counties Labor Council.

### **Siyam na Pangunahing Prayoridad na Narinig mula sa Paunang Pakikipag-ugnayan**

- Pagbawas sa binabayaran ko sa kuryente
- Pagtugon sa pagbabago ng klima sa pamamagitan ng pagbawas sa mga greenhouse gas emission
- Paglikha ng mga trabaho sa sektor ng enerhiya na may husto at mabuting pasahod
- Magantimpalaan sa pag-akma kapag ako ay gumagamit ng enerhiya
- Paglanghap ng mas malinis na hangin sa aking tahanan o negosyo
- Pagbawas sa polusyon ng hangin sa aking komunidad
- Paglikha ng mga oportunidad para sa mga Pinagtutuunang Komunidad para makilahok sa transisyon ng malinis na enerhiya
- Pagbuo ng mas maraming rooftop solar sa taas ng bubong sa malalayong lugar sa halip na malalaking sistema
- Pagpapanatiling bukas ng kuryente sa aking bahay o negosyo

### **Negosyo, Mahahalagang Stakeholders, at mga Workshop sa Pampublikong Pakikinig**

Para tiyaking napakinggan ng SDCP ang malawak na espekto ng mga kustomer kabilang ang mga lokal na negosyo, mahahalagang stakeholder, at ang pangkalahatang publiko, limang workshop sa pakikinig ang ginanap. Ang mga workshop ng negosyo at mahalagang stakeholder ay nagpokus sa pag-unawa sa mga hamon na mayroon ang mga lokal na negosyo at malalaking institusyon pagdating sa enerhiya, mga kalakaran sa enerhiya sa sektor ng negosyo ng rehiyon, at mga uri ng mga programa ng kustomer na maaaring makatulong sa kanila na matugunan ang kanilang mga layunin. Ang mga pampublikong workshop ay nagpokus sa pag-unawa sa mga pangangailangan at hamon ng komunidad at ginanap sa Ingles at Espanyol na may mga serbisyo ng pagsalin sa magkakaibang petsa. Birtwal ang lahat ng mga sesyon at mahigit sa 40 katao ang nakilahok. Para hikayatin ang pakikilahok, ginanap ng team ang mga workshop sa iba't ibang oras at nagsagawa ng mga pag-abot sa pamamagitan ng social media at sa pamamagitan ng mga relasyon sa mga asosasyon ng negosyo, organisasyon sa komunidad, at mga pampublikong opisyal. Tingnan ang Apendiks E para sa buod ng mga workshop at mga nakuhang input.

#### **2.1.4 Survey sa mga Pangangailangan ng Komunidad**

Para mapakinabangan ang mga natuklasan mula sa paunang pakikipag-ugnayan, bumuo ang team ng isang survey sa mga pangangailangan ng komunidad na tumakbo sa pagitan ng Agosto 30 at Oktubre 15, 2022 para makarinig mula sa maraming posibleng kustomer ng SDCP. Ang survey ay nagpokus sa pag-aaral tungkol sa malalaking hamon at isyu na kinahaharap ng mga kustomer, kung paano nila binibigyang-prayoridad ang mga isyu at solusyon sa enerhiya, kung anong mga pagpapabuti sa enerhiya ang nagawa na nila sa kanilang mga tahanan o negosyo, at kung anong mga programa ang nalalaman nila at/o nalahukan sa nakalipas (tingnan ang Apendiks F para sa mga tanong sa survey para sa tirahan at komersyo). Tumanggap ang team ng 2,980 na kumpletong tugon mula sa mga miyembro ng komunidad at negosyo sa loob ng teritoryong binibigyang serbisyo ng SDCP.

#### **Istatistika ng Survey sa mga Pangangailangan ng Komunidad**

<b>Kabuuang Tugon sa Survey</b>	<b>2,980</b>
Pantahanan	2,849
Komersyal	131

Para mapalawak ang pakikilahok sa survey, masasagutan ang survey sa Espanyol at Filipino (Tagalog), ang dalawang pinaka-ginagamit na wika sa rehiyon maliban sa Ingles. Isinulong ng team ang survey sa pamamagitan ng pagpopost sa mga social media channel ng SDCP, pagbabahagi ng impormasyon ng survey sa mga kaakibat sa komunidad, halal na opisyal, at mga miyembrong ahensya ng SDCP, at sa pamamagitan ng bayad na social media at print advertising na nakatarget partikular sa mga Pinagtutuunang Komunidad. Dagdag pa diyan, personal na nangolekta ang SDCP ng mga tugon sa survey sa pamamagitan ng pagtambay sa mesa sa mga lugar kung saan nagtitipon na ang mga miyembro ng komunidad tulad ng mga kaganapan sa komunidad, parke, at silid-aklatan.



Pagkolekta ng surbey sa pamamagitan ng personal na pakikipag-usap sa isang tabling event sa Barrio Logan community ng lungsod ng San Diego.

### ***Mga demograpikong survey***

Upang matiyak na ang SDCP ay nagsasagawa ng isang kinatawang survey, ang mga tagasagot ay hiniling na sumagot ng ilang mga demograpikong katanungan, kabilang ang kanilang uri ng pabahay (tulad ng, isahang pamilya, maramihang pamilya, o naililipat na bahay), pagmamay-ari ng bahay (tulad ng, may-ari ng bahay o nangungupahan), at taunang kita ng sambahayan. Hiniling rin sa mga tagasagot na ilagay ang lokasyon ng kanilang bahay o negosyo gamit ang mga zip code nang sa gayon ang team ay makapagganap ng tunay sa oras na analisis sa kung saan nanggagaling ang mga tugon mula sa buong teritoryo na binibigyang-serbisyo ng SDCP. Ang impormasyon kalaunan ay ginamit para maglaan ng mga karagdagang mapagkukunan patungo sa pagpapalakas ng mga tugon sa mga miyembrong ahensya ng SDCP na hindi masyadong nakatawan kaugnay sa kanilang populasyon at patungo sa mga Pinagtutuunang Komunidad upang matiyak na sila ay nakakatawan. Hindi hiniling ang impormasyon sa background ng mga kalahok upang maprotektahan ang kanilang pagkakakilanlan at mas mahikayat ang mas mataas na rate ng pagtugon.

Napag-alaman ng team na ang mga tugon sa pantahanang survey ay pangkalahatang sumasalamin ng populasyon sa teritoryong binibigyang-serbisyo ng SDCP sa ilang baryante kumpara sa data ng census. Ang data ng census ay kinuha mula sa limang taon na 2020 data tables ng American Community Survey (ACS). Ipinapakita ng Figure 4 ang pagkakabaha-bahagi ng mga sagot sa pantahanang survey ng mga miyembrong ahensya ng SDCP.




Figure 4. Pakikilahok sa survey ng miyembrong ahensya kumpara sa data ng census

Ipinapakita ng Figure 5 ang pagkakabaha-bahagi ng mga tugon sa pantahanang survey ayon sa uri ng pabahay at pagmamay-ari. Kumpara sa data ng census, mas maraming tao na naninirahan sa maramihang-pamilyang pabahay at mga naililipat na bahay ang sumagot sa survey at bahagyang mas kakaunting tao na naninirahan sa isahang-pamilyang tahanan ang sumagot. Gayunpaman, mas maraming tao na naninirahan sa mga pabahay na okupado ng may-ari ang sumagot kumpara sa data ng census.




Figure 5. Pakikilahok sa survey ayon sa uri ng pabahay at pagmamay-ari ng pabahay kumpara sa data ng census

Ipinapakita ng Figure 6 ang pagkakabaha-bahagi ng mga tugon sa pantahanang survey ng mga taong naglagay ng kanilang taunang kita ng sambahayan. Ang mga sagot ay pangkalahatang pare-pareho sa data ng census sa halos lahat ng mga kategorya ng kita sa rehiyon. Gayunpaman, may bahagyang sumobrang representasyon ng mga tao sa mga antas ng mas mababa at gitna na kita (\$10,000-\$99,999) at bahagyang mas mababang representasyon mula sa mga antas ng mas mataas na kita (higit sa \$100,000) kumpara sa data ng census. Ipinagpalagay ng team na ito ay maaaring dahil sa ang mga pagsusumikap sa pag-abot ng survey ay pangunahing nakapokus sa mga Pinagtutuunang Komunidad at ang mga grupong ito ay tila may mas mabababang taunang kita ng sambahayan kaysa sa iba pang mga sangay ng populasyon. Sa pag-aalam na ang mga survey ay tila kinukuha ng mas mayayamang tao, tinatanaw ng team ang paglaganap ng mga sagot ayon sa taunang kita ng sambahayan bilang isang tagumpay ng pag-abot.






Figure 6. Pakikilahok sa survey ayon sa kita ng sambahayan kumpara sa data ng census

## 2.2 Mga Natuklasan ng Pagtatasa sa mga Pangangailangan ng Komunidad

Sa pangkalahatan, nakarinig ang team mula sa tinatayang 3,450 kalahok sa teritoryong binibigyang-serbisyo ng SDCP sa pamamagitan ng mga paunang pamamaraan ng pakikipag-ugnayan sa komunidad at survey sa mga pangangailangan ng komunidad gaya ng binalangkas sa Talahanayan 2. Ang susunod na seksyon ay nagbibigay ng pangkalahatang-ideya sa mga pangunahing prayoridad ng komunidad na nagmula sa buong proseso ng pakikipag-ugnayan sa komunidad.

Talahanayan 2. Tinatayang bilang ng mga naugnay na miyembro ng komunidad

Pamamaraan ng Pakikipag-ugnayan	Tinatayang Bilang ng Naugnay
<b>Kapwa Pinasinayaan ng Organisasyong Nakabase sa Komunidad ang mga Sesyon sa Pakikinig (2 Round)</b>	325
<b>Mga Workshop ng Negosyo, mga Pangunahing Stakeholder, at Pampublikong Pakikinig</b>	45
<b>Hindi Naisamang Mga pop-up event ng San Diego County</b>	100
<b>Survey sa mga Pangangailangan ng Komunidad</b>	2,980
<b>Kabuuan</b>	<b>3,450</b>

### 2.2.1 Mga Prayoridad ng Komunidad

Tinukoy ng team ang siyam na pangunahing prayoridad ng komunidad batay sa feedback mula sa paunang pakikipag-ugnayan sa komunidad. Isinama sa survey ang mga prayoridad at hiniling sa mga sumagot na rangguhan kung alin ang pinakamahalaga sa kanila. Nirangguhan ng mga sumagot mula sa tahanan at komersyal ang kanilang nangungunang limang prayoridad sa sumusunod na pagkakasunud-sunod (Talahanayan 3).

Talahanayan 3. Mga isyu sa enerhiya na pinakamahalaga sa mga sumagot mula sa tahanan at komersyal

Pagkakasunod	Mga Pantahanang Prayoridad	Mga Komersyal na Prayoridad
1	Pagbawas sa binabayaran ko sa kuryente	Paglikha ng mga trabaho sa sektor ng enerhiya na may husto at mabuting pasahod
2	Pagtugon sa pagbabago ng klima sa pamamagitan ng pagbawas sa greenhouse gas na mga emisyon	Pagbawas sa gastos sa enerhiya ng aking mga negosyo
3	Magantimpalaan sa pag-akma kapag ako ay gumagamit ng enerhiya	Mabayaran para sa paggamit ng enerhiya ng aking negosyo
4	Paglikha ng mga trabaho sa sektor ng enerhiya na may husto at mabuting pasahod	Pagtugon sa pagbabago ng klima sa pamamagitan ng pagbawas sa greenhouse gas na mga emisyon
5	Paglanghap ng mas malinis na hangin sa aking tahanan	Paglanghap ng mas malinis na hangin sa aking gusali

### 2.2.2 Mga Pangunahing Kabatiran Tungkol sa mga Pangangailangan ng Komunidad

Nakakuha ang team ng maraming kabatiran sa panahon ng proseso ng pakikipag-ugnayan sa komunidad na makakatulong sa SDCP kapag nagdisenyo ng mga nakatarget na programa sa hinaharap. Ang mga kabatirang ito ay ibinuod sa ibaba.

#### ***Nagbibigay ng mahalagang konteksto ng komunidad***

Isa sa mga unang katanungan sa survey ay nakapokus sa mga pangkalahatang hamon o isyu na kinakaharap ng mga miyembro ng komunidad sa kanilang mga komunidad. Mahalaga para sa SDCP na matutunan kung ano ang nangunguna sa isip ng mga miyembro ng komunidad at maunawaan kung paano mararamdaman o tatanggapin ang mga panghinaharap na programa sa enerhiya.

Hindi nakakagulat, isinaad ng mga sumagot sa pantahanang survey na ang paghahanap ng pabahay na abot-kaya at ang pagbabayad para sa mga kinakailangan tulad ng pagkain at gas ay ang kanilang nangungunang dalawang pagkabahala. Ang dalawang tugon na ito ay pinakamataas sa mga residente ng pabahay ng maramihang pamilya, mga umuupa, at mga kustomer na may taunang kita ng sambahayan na mas mababa sa \$150,000 bawat taon. Kahit na ang karamihan sa mga sumagot sa survey na may taunang kita ng sambahayan na higit sa \$150,000 kada taon ay inilista na ang pagiging abot-kaya ng pabahay ay ang kanilang nangungunang pagkabahala.

#### **Mga Pangunahing Kabatiran**

- Ang mga miyembro ng komunidad ay nababahala tungkol sa mga gastos
- Gustong makita ng mga miyembro ng komunidad ang iba't ibang solusyon sa enerhiya
- Kailangan ng mga miyembro ng komunidad ang higit pang edukasyon at mga mapagkukunan
- Ang mga miyembro ng kanayunang komunidad ay may ibang mga pagkabahala kaysa sa mga naninirahan sa lungsod
- Nagmamalasakit ang mga miyembro ng komunidad tungkol sa pagbabago ng klima, kalusugan at kapaligiran

Kaugnay nito, nirangguhan ng mga sumagot sa komersyal na survey na ang gastos ng bagong konstruksyon at pagpapaunlad at pagtaas ng halaga ng mga produkto at serbisyo ay nasa mga nangungunang hamon na kanilang kinakaharap.

### **Ang mga miyembro ng komunidad ay nababahala tungkol sa mga gastos**

Sa pagitan ng mga pangmatagalang epekto ng pandemyang COVID-19, mataas na halaga ng pabahay sa buong rehiyon, at implasyon, maraming tao ang pinansyal na nasasaktan. Ipinahayag ito nang paulit-ulit sa mga sesyon ng direktang pakikipag-ugnayan at nakumpirma sa pamamagitan ng mga resulta ng survey sa mga pangangailangan ng komunidad. Ang hindi mahulaan at matataas na gastos sa enerhiya ang nangunguna sa isipan at maraming kustomer ang humaharap sa mahirap na buwanang badyet. Ang mga programang nakakatulong na bawasan ang mga singil sa enerhiya at lumikha ng pagkakapare-pareho sa mga singil sa paglipas ng panahon ay mahalaga, lalo na para sa mga kustomer na may mababang kita at sa mga may nakapirming kita. Nauunawaan din ng mga miyembro ng komunidad na ang mga epekto ng klima ay magpapalala sa mga isyung ito, partikular kapag ang mga kaganapan ng matinding init ay pinasisimulan ang pangangailangan para sa mas maraming enerhiya at samakatuwid ay mas mataas na gastos sa enerhiya.

### **Gustong makita ng mga miyembro ng komunidad ang samu't saring solusyon sa enerhiya**

Habang iniisip ng mga kustomer ang gastos, gusto rin nilang makakita ng samu't saring solusyon sa enerhiya sa kanilang mga komunidad. Iminumungkahi nito na ang mga estratehiya na nagpapababa ng mga gastos sa enerhiya ngunit nagpapataas ng polusyon o hindi nag-aalok ng iba pang mga benepisyo ay hindi makakatugon sa mga pangangailangan ng komunidad. Kapag tinanong tungkol sa kung anong mga uri ng mga solusyon sa enerhiya ang gusto nilang makita, tinukoy ng mga sumagot sa survey ang 1) pagbuo ng mas malakihang mga sistema sa pagkuha ng nababagong enerhiya sa rehiyon ng San Diego, 2) pinabuting kalidad ng hangin sa loob ng bahay sa pamamagitan ng pagpapakuryente ng gusali, 3) pinabuting kalidad ng panlabas na hangin sa pamamagitan ng pagpapakuryente ng transportasyon, at 4) pag-instala ng mga sistema sa pagkuha ng nababagong enerhiya sa bahagi ng bubungan o paradahan bilang mga nangungunang estratehiya. Ang nangungunang apat na solusyon sa enerhiya na ito ay totoo sa mga residenteng isahan at maramihang pamilya, nangungupahan at may-ari, at sa lahat ng antas ng taunang kita ng sambahayan. Ang mga komersyal na sumagot ay may mga kahalintulad na resulta; gayunpaman, marami sa kanila ay nirangguhan ang pinabuting kalidad ng panloob na hangin sa pamamagitan ng pagpapakuryente ng gusali bilang kanilang nangungunang solusyon sa enerhiya.

### **Kailangan ng mga miyembro ng komunidad ang higit pang edukasyon at mga mapagkukunan ng enerhiya**

Maraming kalahok ang nagbahagi na sila o mga miyembro ng kanilang komunidad ay nalilito sa mga singilin sa enerhiya. Ang paglipat mula sa SDG&E papunta sa SDCP ay nagdulot ng mga katanungan, at ang ilan ay naniniwala na naging sanhi ito ng pagtaas sa kanilang mga singilin. Madalas sabihin ng mga kalahok na hindi nila alam ang mga programa ng enerhiya o kung paano iakses ang mga ito. Ang kakulangan ng kamalayan, mga nakakalito o kumplikadong aplikasyon, at mga pinagbabatayang isyu sa pagbubuo ay lumilikha ng mga hadlang sa pakikilahok. Iniisip ng iba na ang mga bagay tulad ng mga programang solar ng komunidad na nagdadala ng solar sa komunidad at nagpapababa ng mga rate para sa mga partikular na kustomer ay “sadyang napakaganda na napakahirap paniwalaan na maisasakatuparan.” Binanggit din ng mga kalahok ang mga hamon sa paghahanap ng mga bihasang kontratista na magpapatupad ng mga proyekto ng enerhiya, partikular na nauugnay sa pagpapakuryente, o mga pinagkakatiwalaan at nasuring kontratista, partikular na nauugnay sa mga instalasyon ng solar.

### **Ang mga miyembro ng kanayunang komunidad ay may ibang pag-aalala kaysa sa mga komunidad ng lungsod**

Ang isang pangunahing pagkakaiba sa mga tugon sa parehong direktang pakikipag-ugnayan sa komunidad at survey sa mga pangangailangan ng komunidad ay naganap sa pagitan ng mga nakatira sa mga lugar na urban/suburban at ng mga nakatira sa mas maraming kanayunang lugar sa mga hindi isinamang County. Sa pakikipag-ugnayan sa komunidad na naganap sa hindi isinamang San Diego County, regular na binabanggit ng mga kalahok ang apat na pangunahing isyu na hindi gaanong naririnig sa ibang mga lugar:

- **Pagkabahala sa malalaking sunog at pagkawala ng kuryente:** Ang mga kalahok ay nagpahayag ng malalaking pagkabahala tungkol sa malalaking sunog sa pangkalahatan at ang kanilang kaugnayan sa enerhiya. Maraming mga hindi naisamang lugar ang mataas ang tiyansa ng malalaking sunog dahil sa kanilang kalapitan sa kalikasan, na lubhang madaling masunog, lalo na sa panahon na ang mga kondisyon ay mainit, tuyo, at mahangin. Ang mga kondisyong ito ay nadagdag dahil sa pagbabago ng klima, na nagiging sanhi ng mas madalas at mas matinding pagkasunog sa mga likas na lugar. Napansin ng mga kalahok na sa panahon ng mga kondisyong ito, ang kanilang kuryente ay maaaring maagap na patayin ng SDG&E upang mabawasan ang panganib ng naglalakihang sunog na dulot ng imprastruktura ng kuryente. Noong tinanong tungkol sa mga malalaking hamon, karamihan sa mga sumagot sa survey mula sa ibang mga lokasyon ay inilista ang malalaking sunog o wildfire bilang kanilang huli o pangalawa sa huling pagkabahala sa enerhiya, habang ang mga sumagot mula sa hindi naisamang County ay inilista ang mga *wildfire* bilang kanilang pangalawang pagkabahala sa enerhiya, kasunod ay ang *pagbabayad para sa mga kinakailangang bagay tulad ng pagkain at gas*.
- **Pagkabahala sa Pagpapakuryente:** Dahil ang mga kanayunang lugar ay mas lapitin sa malalaking sunog o wildfire at pagkawala ng kuryente, natukoy na mahalaga ang dami ng gasolina sa panahon ng pagkawala ng kuryente (partikular na nauugnay sa mga appliance na gumagamit ng propane o likas na gas na maaaring gumana kapag nawalan ng kuryente). Bukod pa rito, pinaghihinalaan ng ilang kalahok na ang paglipat sa mga de-kuryenteng sasakyan ay mapanghamon dahil sa mga pagpapalagay na limitado ang layo ng nararating sa pagmamaneho at mga opsyon sa pagkakarga (ng baterya). Bagama't maraming kalahok ang nagpahayag ng mga tanong tungkol sa pagpapakuryente, ang pagkabahalang ito ay higit na malinaw sa mga komunidad sa kanayunan.
- **Pagkabahala sa kapasidad ng grid:** Ang mga kalahok ay nagpahayag ng mga pagkabahala na natatakot sila na ang grid ng kuryente ay hindi sapat ang katatagan para suportahan ang karagdagang pangangailangan sa kuryente na nauugnay sa pagpapakuryente ng gusali at sasakyan. May pagkabahala na ang karagdagang pagpapakuryente ay hahantong sa mas maraming pagkawala ng kuryente sa mga kanayunang lugar kung walang pamumuhunan sa kapasidad ng grid.
- **Pagkabahala patungkol sa instalasyon ng nababagong enerhiya:** Ang ilang mga residente ay nagpahayag ng mga pagkabahala na ang malakihang instalasyon ng solar ay magdadala ng hindi kanais-nais at walang katatagang industriyalisasyon sa mga lokal na kalikasan. Kasama sa mga pagkabahala ang pagkasira ng kapaligiran, alikabok, at estetiko. Iminungkahi ng ilan na may malakasang kagustuhan para sa iba pang mga estratehiya nang sa ganon ay mabawasan ang pangangailangan para sa malalaking pangmalayuang instalasyon, tulad ng karagdagang infill rooftop solar.

### ***Nagmamalasakit ang mga miyembro ng komunidad patungkol sa pagbabago ng klima, kalusugan, at kapaligiran***

Kahit na maraming miyembro ng komunidad ang nababahala tungkol sa mga gastos, ang mga pagkabahala patungkol sa kalusugan at pinansiyal na epekto ng pagbabago ng klima ay paulit-ulit ding ibinahagi sa buong proseso ng pakikipag-ugnayan sa komunidad. Nagmamalasakit ang mga miyembro ng komunidad sa mga benepisyong panlipunan ng mga programa sa enerhiya, tulad ng pinabuting kalidad ng panloob at panlabas na hangin mula sa pagpapakuryente ng gusali at transportasyon. Marami ang nagbahagi ng mga pagkabahala na ang mga Pinagtutuunang Komunidad at ang mga residenteng kuwalipikado sa kita ay madalas na naiwan sa mga benepisyo ng mga programa sa malinis na enerhiya at iba pang mga pampublikong pamumuhunan, at samakatuwid ay itinala ang kahalagahan ng pagpokus ng SDCP sa mga Pinagtutuunang Komunidad at mga residenteng kuwalipikado sa kita.

## **2.3 SDCP Proseso ng Pakikipag-ugnayan sa Organisasyon**

Bilang mga tagapangasiwa ng SDCP, ang Lupon ng mga Direktor, Komite sa Pagpapayo sa Komunidad, at mga kawani ng SDCP ay responsable sa pagtitiyak ng pangmatagalang tagumpay ng organisasyon para matugunan nito ang mga pangangailangan ng komunidad sa paglipas ng panahon. Sa panahon ng pagtatasa sa mga pangangailangan ng komunidad, nakipag-ugnayan ang team sa mga grupong ito upang maunawaan ang mga layunin at prayoridad ng organisasyon

na kailangang ikonsidera sa proseso ng pagbibigay-prayoridad ng programa. Para gawin ito, nagsagawa ng mga panayam ang team sa mga indibiduwal na miyembro ng Lupon at mga workshop kasama ang Komite sa Pagpapayo sa Komunidad at mga kawani.

Binigyang-diin ng mga miyembro ng lupon at mga kawani na ang pamumuhunan ng SDCP sa mga programa ay kakailanganing ikonsidera ang konteksto ng pagtatatag ng pinansyal na katatagan ng SDCP bilang isang mas bagong organisasyon at mananatiling kumpetitibo pagdating sa gastos. Ang pagpapayabong ng mga reserbang pondo para makalikha ng isang matatag na pundasyong pinansyal ay magbibigay-daan sa SDCP na magdirekta ng mas malalaking halaga ng kita sa mga kustomer sa pamamagitan ng mga programa sa hinaharap. Binigyang-diin din ng mga miyembro ng lupon, miyembro ng komite, at mga kawani ang kahalagahan ng paglikha ng mga programang nagbibigay-prayoridad sa mga Pinagtutuunang Komunidad at sa mga taong pinakalabis na nahihirapan pagdating sa pera, itinatala na malamang ay mahaharap sila sa pinakamalalaking epekto ng pagbabago ng klima. Maaaring magkaroon ng positibong epekto ang SDCP sa pagkakapantay-pantay at sa mga Pinagtutuunang Komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga lokal na benepisyo at pagsuporta sa mababang kita na pabahay, magagandang trabaho, at pagbabawas ng mga singilin sa kuryente.

#### **Anim na Pangunahing Prayoridad na Narinig mula sa Pakikipag-ugnayan sa Organisasyon**

- Pagpapataas ng kamalayan at edukasyon sa enerhiya
- Pagpapanatili ng pinansyal na katatagan
- Pamumuhunan sa mga Pinagtutuunang Komunidad at pagpapanatiling abot-kaya ang enerhiya
- Pangangasiwa sa load flexibility
- Pagsasamantala ng paggamit ng infill solar at imbakan ng enerhiya
- Pagpapakita ng pagbibigay benepisyo sa mga kustomer sa pamamagitan ng pamumuhunan pabalik sa komunidad

Nagpahayag ng pangangailangan ang mga miyembro ng lupon para sa isang malinaw, nasusuring balangkas upang bigyang-prayoridad ang mga programa batay sa ambag ng komunidad at bumuo ng magkakaibang hanay ng mga programa. Itinala rin na kakailanganin ng SDCP na bigyang-prayoridad ang mga programang may nagmumultiplikang epekto—yaong makapagbibigay ng karagdagang pondo, makapagsusuporta sa mga layunin sa pagkuha ng enerhiya, o maaaring mapakinabangan sa iba pang mga paraan, habang nagpapakita rin ng mga nakikitang benepisyo sa komunidad.

Paulit-ulit na binigyang-diin na ang SDCP ay binuo ng at para sa komunidad at ang mga kustomer ay ang pundasyon ng organisasyon. Dahil dito, dapat na maayos na mapagsilbihan ang mga kustomer na may kumpetitibong mga presyo at mga lokal na programa na nagbibigay-benepisyo sa kanila. Ang paggawa nito ay mangangailangan ng pagbuo ng malaliman at pangmatagalang pakikipagtulungan sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad upang makapagtatag ng tiwala sa mga komunidad sa paglipas ng panahon. Ang kahalagahan ng edukasyon ay itinala din ng mga miyembro ng komite dahil may kalituhan sa pag-unawa sa mga singilin ng kuryente at kung ano ang ibig sabihin ng paglipat sa SDCP. Ang edukasyon ay maaaring gawing mas madaling maakses ang mga programa ng enerhiya, maaaring dagdagan ang pakikilahok sa mga programa, at maaaring mapigilan ang pag-alis ng mga kustomer sa SDCP dahil sa maling impormasyon. Tingnan ang Apendiks G para sa buod ng proseso ng pakikipag-ugnayan sa organisasyon at mga nakuhang input.

## 2.4 Konklusyon

Nakapangako ang SDCP sa pagdidisenyo ng mga programa sa enerhiya na nakakatugon sa mga pangangailangan ng mga kustomer nito. Ang mga resulta ng pagtatasa sa mga pangangailangan ng komunidad ay isinama sa parehong proseso ng pagsusuri sa dami at kalidad sa balangkas ng pagbibigay-prayoridad ng programa (Kabanata 5). Ang mga natuklasang ito ay nakatulong sa SDCP na bigyang-prayoridad ang mga uri ng programa na tumutugon sa mga pangangailangan at prayoridad ng komunidad at naging ang batayan ng mga inirerekomendang uri ng programa (Kabanata 6).

Ang Planong ito ay ang simula ng isang patuloy na pag-uusap sa komunidad, kaysa sa pagiging punto ng pagtatapos. Para makapagdisenyo ng mga epektibong programa, dapat makipagtulungan ang SDCP sa mga komunidad na pinagsisilbihan nito. Ang mga programang dinisenyo at inilunsad ng SDCP ay patuloy na isasama ang pakikipag-ugnayan sa komunidad upang matiyak na ang mga programa ay napagsisilbihan ang mga pangangailangan ng mga miyembro ng komunidad at may maraming benepisyo sa komunidad.

# Pagtatasa sa Programa ng Merkado

Kabanata 3



## 3 Pagtatasa sa Programa ng Merkado

Upang maunawaan ang daigdig ng mga umiiral na programa sa enerhiya na magagamit ng mga kustomer ng SDCP at matuto mula sa karanasan sa programa ng mga organisasyong katulad ng SDCP, nagsagawa ang team ng pagtatasa sa programa ng merkado. Kasama sa pagtatasa ang mga programang pang-enerhiya na kasalukuyang inaalok o inialok na sa California ng iba pang mga CCA, mga utility, ahensya ng estado at rehiyon, mga nonprofit, at SDG&E.

Upang isagawa ang pagtatasa sa merkado, nagsagawa muna ang team ng isang desktop survey ng impormasyon ng programa na magagamit online mula sa iba't ibang mga tagapagbigay ng programa. Ang pagsusuri na ito ay pinunan pa ng mga panayam sa mga eksperto sa paksa ng programa. Tinipon din ng team ang data ng programa sa katipiran ng enerhiya mula sa database ng California Energy Data and Reporting System (CEDARS) at pinatunayan ang mga alok ng programa sa SDG&E. Panghuli, ang pampublikong magagamit na impormasyon ng programa mula sa California Community Choice Association ay ginamit upang ipagbigay-alam ang karagdagang analisis ng iba pang mga CCA.

Sinuri ng team ang mga alok ng programa mula sa mga sumusunod na entidad:

- California Public Utilities Commission (CPUC) na ipinatupad o pinangasiwaan sa pamamagitan ng SDG&E;
- California Energy Commission (CEC);
- California Air Resources Board (CARB);
- San Diego Association of Governments (SANDAG); at
- Iba pang mga utilities sa California na pag-aari ng munisipyo at mamumuhunan.

Bilang karagdagan, kasama sa analisis ang malalimang pag-alam sa mga alok ng programa mula sa 20 na iba pang CCA kabilang ang mga matatag at umuusbong na organisasyon (hal., Central Coast Community Energy, Clean Power Alliance, East Bay Community Energy, Marin Clean Energy, Peninsula Clean Energy, Pioneer Community Energy, Redwood Coast Energy Authority, Silicon Valley Clean Energy, at Sonoma Clean Power). Nakipag-usap din ang team sa mga tagapagbigay at tagapagpatupad ng programa ng enerhiya sa buong California at sa ibang mga estado upang maunawaan ang pinakamahuhusay na gawi at mga makabagong pamamaraan. Ang mga pag-uusap na ito ay naging batayan ng pinakamahuhusay na gawi sa pagdisenyo ng programa na inilarawan sa mga rekomendasyon ng programa (Kabanata 6).

Mula sa pagsusuring ito, isang database ng higit sa 200 na mga programa ang natipon na nagbigay-daan sa team na matukoy ang mga pagkakatulad at pagkakaiba sa mga programa at kung paano inihahatid ang mga ito. Gamit ang impormasyong ito, ibinilang ng team ang mga programa sa kanilang mga pangunahing katangian tulad ng inilarawan nang detalyado sa ibaba. Binabalangkas ng kabanatang ito ang mga paraan na tinukoy, inayos, at inilarawan ng team ang mga programa sa enerhiya upang pinakamahusay na ihanay sa mga pangangailangan ng komunidad.

### 3.1 Mga Katangian ng Programa sa Enerhiya

Ang mga programa sa enerhiya ay pangkalahatang idinisenyo para tulungan ang mga kustomer na gumawa ng isang aksyon o makamit ang isang layunin na maaaring hindi nila makakamit sa ibang paraan sa pamamagitan ng pagbibigay ng insentibo. Halimbawa, maaaring mag-alok ang SDCP sa mga kustomer ng libreng pag-upgrade sa katipiran ng enerhiya para sa kanilang mga tahanan o opisina upang bawasan ang paggamit ng enerhiya at samakatuwid ay magpapababa ng singilin sa kuryente.

Ang mga programa sa pangkalahatan ay sumusunod sa isang batayang istraktura—nagbibigay ang mga ito ng suporta para ipatupad ang isang partikular na aksyon (“ano”) sa pamamagitan ng isang partikular na uri ng mekanismo (“paano”) para sa isang partikular na uri ng kustomer (“para kanino”)—na ipinapakita sa Figure 7.






Figure 7. Kahulugan ng programa sa enerhiya

Halimbawa, ang “ano” ay maaaring pag-instala ng mga de-kuryenteng heat pump na pampainit ng tubig, na maaaring mas mahal ngunit nakakabawas sa mga emisyon ng gusali kumpara sa mga pampainit ng tubig na gumagamit ng likas na gas. Ang “paano” ay maaaring nag-aalok ng rebates (hal. ibabalik ang pera pagkatapos bilhin ang mga sistema para mabawi ang tumaas na gastos). Ang “sino” ay maaaring mga manedyer ng ari-arian ng abot-kayang pabahay para sa maramihang pamilya.

Tinukoy ng team ang mga sumusunod na tuntunin upang hindi pabago-bagong ilarawan kung paano inilalarawan ang mga programa ng enerhiya sa Planong ito (ang mga halimbawa ng bawat isa ay inilalarawan nang mas detalyado sa mga sumusunod na seksyon).

- **Mga uri ng programa:** Ang hangarin ng programa at ang kinalabasan sa kung para saan idinisenyo na makapagsuporta ang mga programa.
- **Mga teknikal na elemento:** Ang mga partikular na aksyon na hinihikayat ng isang programa na gawin ng mga kustomer.
- **Mga elemento ng paghahatid:** : Ang mga pamamaraan na ginagamit upang hikayatin ang mga tao na ipatupad ang mga partikular na aksyon na hinihikayat ng isang programa na gawin ng mga kustomer (tulad ng, teknikal na elemento).
- **Mga uri ng kustomer:** Ang seksyon ng komunidad o isang uri ng kustomer. Para sa mga hangarin ng Planong ito, tiningnan ang mga programa bilang nakatarget para sa lahat ng klase ng kustomer o partikular na nakatarget para sa mga kustomer sa mga Pinagtutuunang Komunidad.
- **Mga sektor ng merkado:** Ang seksyon ng mga kustomer o grupo ng mga magkakatulad na kustomer. Kasama sa Planong ito ang tatlong sektor ng merkado: pantahanang iisang pamilya, pantahanang maramihang pamilya, at komersyal.

Ang istruktura ng database ng programa at ang paglalarawan ng mga programa sa mas maliliit na elementong ito ay nagbigay-daan sa team na tingnan ang parehong mga umiiral na programa at teoretikong programa na magiging akma para matugunan ang mga pangangailangan ng komunidad at makamit ang mga layunin ng organisasyon.

### 3.1.1 Mga Uri ng Programa at Mga Teknikal na Elemento

Gamit ang database ng mga programa sa enerhiya, ikinategorya ng team ang mga teknikal na elemento sa sumusunod na walong uri ng programa: *Katipiran sa Enerhiya, Pagtugon sa Pangangailangan, Pagpapakuryente ng Gusali, Pagpapakuryente ng Transportasyon, Pagpapakuryente ng Kagamitan, Mapagkukunan ng Naipapamahaging Enerhiya, Edukasyon at Pagsasanay, at Mga Code at Pamantayan.*

#### **Katipiran sa Enerhiya**

Ang katipiran sa enerhiya ay tumutukoy sa maraming iba’t ibang uri ng estratehiya na ginagamit upang direktang bawasan ang dami ng enerhiya na ginagamit ng isang gusali o sistema (*tulad ng, pagdaragdag ng insulasyon at/o pagpapalit ng mga draft na bintana*) o pagsasagawa ng parehong serbisyo o gawain na may mas kaunting enerhiya (*tulad ng, paglipat sa mga LED na bombilya*). Pinapababa ng katipiran sa enerhiya ang kabuuang halaga ng enerhiya na kailangan, nakakatipid

ng pera, at binabawasan ang mga epekto sa kapaligiran. Ang katipiran sa enerhiya ay gumaganap ng isang mahalagang papel para gawing pinaka-epektibo ang iba pang mga uri ng programa, tulad ng pagpapakuryente ng gusali at sistema ng pagpapamahaging paglikha at imbakan ng enerhiya, dahil ang isang gusaling matipid sa enerhiya ay maaaring mangailangan ng mas kaunting solar at kapasidad sa pag-iimbak at makakagawa ng mas kaunting pinsala sa grid.

Habang ang mga hakbang sa katipiran sa enerhiya ay maaaring mag-iba-iba sa pamamaraan, ang merkado para sa mga hakbang at programa sa katipiran ng enerhiya ay mahusay na naitatag. Upang pabilisin ang analisis para sa pagtatasa na ito, pinagsama ng team ang mga hakbang sa katipiran sa enerhiya sa iisang teknikal na elemento: *Katipiran sa Enerhiya: Pinaghalo*.

### **Pagtugon sa Pangangailangan**

Ang mga programa sa pagtugon sa pangangailangan ay hinihikayat ang mga kustomer na ilipat o bawasan ang kanilang paggamit ng enerhiya sa ilang partikular na oras sa araw (*karaniwan ay ang pinakamahal na mga oras*) upang bawasan ang pinakamataas na pangangailangan ng enerhiya sa grid ng kuryente. Dapat balansehin ng mga tagapagbigay ng enerhiya ang supply at demand ng enerhiya, na maaaring maging isang hamon sa panahon ng matitinding kaganapan tulad ng mga heat wave o kapag nababawasan ang produksyon ng nababagong enerhiya dahil sa papalubog na araw. Ang mga programa sa pagtugon sa pangangailangan ay nagbibigay ng oportunidad sa mga kustomer na magkaroon ng mahalagang papel sa pagpapatakbo ng grid ng kuryente upang mabawasan ang mga gastos at pagkawala ng kuryente.

Sa pagtatasa na ito, inuri ng team ang mga teknikal na elemento na naghihikayat sa mga kustomer ng enerhiya na baguhin ang kanilang pag-uugali bilang *Pag-uugali: Pamamahala sa Pinakaabalang Oras* at mga teknikal na elemento na naghihikayat sa instalasyon ng mga kontrol bilang *Mga Smart Device: Pamamahala sa Pinakaabalang Oras*.

### **Pagpapakuryente ng Gusali**

Ang mga programa sa pagtugon sa pangangailangan ay hinihikayat ang mga kustomer na ilipat o bawasan ang kanilang paggamit ng enerhiya sa ilang partikular na oras sa araw (*karaniwan ay ang pinakamahal na mga oras*) upang bawasan ang pinakamataas na pangangailangan ng enerhiya sa grid ng kuryente. Dapat balansehin ng mga tagapagbigay ng enerhiya ang supply at demand ng enerhiya, na maaaring maging isang hamon sa panahon ng matitinding kaganapan tulad ng mga heat wave o kapag nababawasan ang produksyon ng nababagong enerhiya dahil sa papalubog na araw. Ang mga programa sa pagtugon sa pangangailangan ay nagbibigay ng oportunidad sa mga kustomer na magkaroon ng mahalagang papel sa pagpapatakbo ng grid ng kuryente upang mabawasan ang mga gastos at pagkawala ng kuryente.

Sa pagtatasa na ito, inuri ng team ang mga teknikal na elemento na naghihikayat sa mga kustomer ng enerhiya na baguhin ang kanilang pag-uugali bilang *Pag-uugali: Pamamahala sa Pinakaabalang Oras* at mga teknikal na elemento na naghihikayat sa instalasyon ng mga kontrol bilang *Mga Smart Device: Pamamahala sa Pinakaabalang Oras*.

### **Pagpapakuryente ng Gusali**

Maraming mga tahanan at negosyo sa California ang gumagamit ng mga appliances na pinagagana ng likas na gas para sa pagpapainit, pagpapainit ng tubig, pagluluto, at paglalaba. Ang likas na gas ay isa sa mga pangunahing pinagmumulan ng carbon emissions at polusyon ng panloob na hangin sa mga gusali. Layunin ng mga programa sa pagpapakuryente ng gusali na alisin ang paggamit ng mga fossil fuel sa mga gusali sa pamamagitan ng paglipat ng mga kagamitan at mga appliances ng likas na gas sa mga de-kuryenteng matipid sa enerhiya. Binabawasan nito ang polusyon sa panloob na hangin at maaaring mabawasan ang pangmatagalang gastos sa pagpapatakbo. Dahil sa limitadong kapasidad ng maraming de-kuryenteng panel para suportahan ang teknolohiyang elektrikal, ang mga programa sa pagpapakuryente ng gusali ay dapat ding bigyang-insentibo ang mga pag-upgrade ng panel—isang kinakailangang hakbang na dapat mangyari bago maganap ang iba pang mga uri ng pagpapakuryente.

Sa pagtatasang ito, inuri ng team ang mga teknikal na elemento sa pagpapakuryente ng gusali bilang *Heat Pump: HVAC, Heat Pump: Pampainit ng Tubig, Mga Appliances: Paglalaba, Appliances: Pagluluto*, at *Mga Upgrade ng Panel ng Kuryente*.

### **Pagpapakuryente ng Transportasyon**

Ang transportasyong gumagamit ng fossil fuel ay ang pinakamalaking pinagmumulan ng carbon emissions sa California at rehiyon ng San Diego at isa ring malaking kontribyutor sa polusyon ng panlabas na hangin. Tinatanggal ng mga programa sa pagpapakuryente ng transportasyon ang paggamit ng mga fossil fuel sa mga magagaang sasakyan (*hal., mga sedan at sport utility vehicle*) at sa mga katamtaman at mabibigat na sasakyan (*hal., mga bus, delivery van, at shipping truck*) sa pamamagitan ng pagkombert sa mga ito sa de-kuryente. Binabawasan nito ang mga lokal na greenhouse gas na mga emisyon at polusyon sa hangin, gayundin ang polusyon sa ingay. Sa pabagu-bagong presyo ng gas, ang mga de-kuryenteng sasakyan ay maaaring magresulta sa katipiran kumpara sa mga tradisyonal na sasakyan. Sinusuportahan ng mga programa sa pagpapakuryente ng transportasyon ang paggamit ng de-kuryenteng sasakyan at pag-instala ng mga imprastraktura sa pagkakarga ng de-kuryenteng sasakyan.

Sa pagtatasa na ito, inuri ng team ang mga teknikal na elemento sa pagpapakuryente ng transportasyon bilang De-kuryenteng Sasakyan: *Pang-magaanang, De-kuryenteng Sasakyan: Pangkatamtaman at Pangmabigatan, Pagkakarga ng De-kuryenteng Sasakyan, at De-kuryenteng Bisikleta.*

### **Pagpapakuryente ng Kagamitan**

Tinatanggal ng mga programa sa pagpapakuryente ng kagamitan ang paggamit ng mga fossil fuel sa landscaping, pang-agrikultura, at pang-industriya na kagamitan sa pamamagitan ng pagkombert ng kagamitan sa de-kuryenteng lahat. Binabawasan nito ang carbon emissions at polusyon sa hangin.

Sa pagtatasa na ito, inuri ng team ang mga teknikal na elemento sa pagpapakuryente ng kagamitan bilang *De-kuryenteng Kagamitang Pang-landscaping, De-kuryenteng Kagamitang Pang-agrikultura, at De-kuryenteng Kagamitang Pang-industriya.*

Mga Sistema ng Pagpapamahaging Paglika At Imbakan Ng Enerhiya Ang mga programa sa sistema ng pagpapamahaging paglikha at imbakan ng enerhiya ay nagtataguyod ng pag-instala ng mas maliliit na mga sistema sa paggawa at pag-iimbak ng *naipapamahaging* nababagong enerhiya sa mga lugar ng bubungan at iba pang ginagawang lupain. Binabawasan nito ang pangangailangan na magpatayo ng malalaking sistema ng paggawa (ng enerhiya) sa mga kanayunang lugar at mamuhunan sa bagong imprastraktura ng transmisyon. Upang madagdagan ang kapasidad ng mga sistema ng pagpapamahaging paglikha at imbakan ng enerhiya, kailangan ng imbakan ng enerhiya (*tulad ng sa pamamagitan ng mga baterya*) upang madagdagan ang enerhiya kapag ang mga sistema ng nababagong enerhiya ay maaaring hindi makagawa (ng enerhiya).

Sa pagtatasa na ito, inuri ng team ang mga teknikal na elemento ng mapagkukunan ng naipapamahaging enerhiya bilang *Onsite Solar, Solar ng Komunidad, Feed-In Tariff, Utility Scale Solar, at Imbakan ng Enerhiya.*

### **Edukasyon at Pagsasanay**

Para makinabang ang mga miyembro ng komunidad sa mga programa sa enerhiya, kailangan nilang malaman na mayroong mga programa, maunawaan kung paano gamitin ang mga ito, at magkaroon ng akses sa mga pinagkakatiwalaang kontratista na makagagawa ng trabaho. Maaaring kabilang sa mga programa sa edukasyon at pagsasanay ang pag-abot (outreach) at pakikipag-ugnayan, pampublikong edukasyon, at pagpapaunlad ng manggagawa. Ang mga programa sa pampublikong edukasyon ay maaaring mag-target ng malawak na hanay ng mga tao upang makatulong na maitaas ang kamalayan at pag-akses. Samantala, ang mga programa sa pagpapaunlad ng mga manggagawa ay naglalayong sanayin ang mga kasalukuyan at potensyal na manggagawa na may mga kasanayang nauugnay sa merkado ng malinis na enerhiya, na mahalaga sa tagumpay ng maraming programa.

Sa pagtatasa na ito, inuri ng team ang mga teknikal na elemento ng edukasyon at pagsasanay bilang *Pagpapaunlad ng mga Manggagawa, Pampublikong Edukasyon, at Inkubador ng Teknolohiya.*

## **Mga Code at Pamantayan**

Ang mga programa ng mga code at pamantayan ay nag-aalok ng tulong sa mga lungsod at county sa pagtatatag ng mga lokal na code ng enerhiya ng gusali na higit sa minimum na kinakailangan ng Estado. Sa buong California, maraming lungsod at county ang nagpatibay ng mga code ng gusali na higit sa mga minimum ng Estado (tinatawag na reach codes) na naghihikayat sa pagpapakuryente ng mga gusali at transportasyon. Ang mga uri ng reach code na ito ay pinagtibay dahil sa mga benepisyong pangkalusugan, pangkaligtasan, at pangkapaligiran na nagreresulta mula sa paglipat sa mga mapagkukunan ng nababagong enerhiya. Maaaring kabilang sa programa ng mga code at pamantayan ang pakikipagtulungan sa mga lokal na pamahalaan o iba pang organisasyon upang bumuo ng samu't saring teknikal o pagganap na mga pamantayan na nauugnay sa enerhiya.

Sa pagtatasa na ito, inuri ng team ang mga teknikal na elemento ng mga code at pamantayan bilang *Mga Reach Code*.

### **3.1.2 Mga Elemento ng Paghahatid**

Habang inilalarawan ng mga teknikal na elemento na nasa itaas ang mga aksyon at layunin na sinusubukang suportahan ng mga programa, inilalarawan ng mga elemento ng paghahatid sa ibaba kung paano hinihikayat ang teknikal na elemento/kung ano ang nag-uudyok sa isang kustomer na lumahok sa isang programa. Tinukoy ng team ang sumusunod na siyam na kategorya bilang posibleng mga elemento ng paghahatid na ikinokonsidera para sa pagsusuri: *Rebate, Paunang Insentibo, On-Bill o Abot-kayang Pagpopondo, Libreng Kagamitan/Serbisyo o Direktang Instalasyon, Grant/Pondo, Bill Credit, Rate, Teknikal na Tulong, at Tulong sa Aplikasyon*.

#### **Rebate**

Ang rebate ay isang bayad o parsyal na pagsasauli ng bayad pagkatapos na magawa ng kustomer ang isang aksyon. Karaniwang ibinibigay ang mga rebate bilang tseke pagkatapos magsumite ang kustomer ng patunay ng pagbili o patunay ng instalasyon. Ang mga rebate ay umaasa sa pagkakaroon ng pera ng kustomer na kailangan upang makumpleto ang aksyon sa unang banda.

#### **Paunang Insentibo**

Ang mga paunang insentibo ay mga direktang pinansyal na benepisyo na binabayaran sa o bago ang oras ng aksyon upang tumulong bawasan ang gastos ng isang teknolohiya o instalasyon. Maaaring kabilang sa mga paunang insentibo ang isang pinabilis na proseso ng aplikasyon at pagbabayad o agarang pagbabayad, na binabawasan ang halaga ng pera na kinakailangan upang makumpleto ang aksyon. Makakatulong ito sa mga kustomer na walang hawak na pera para ipatupad ang isang aksyon.

#### **On-Bill o Abot-kayang Pagpopondo (Financing)**

Ang on-bill at abot-kayang financing ay naglalarawan ng mga paraan kung paano makakatanggap ang mga kustomer ng maliliit na pautang na may kakaunti hanggang sa walang interes para ibayad sa mga pagpapabuti sa enerhiya. Ang on-bill financing ay nagbibigay-daan sa tagapagbigay ng programa na direktang sagutin ang gastos ng proyekto. Sa mas mababang bayarin sa utility dahil sa mga matitipid mula sa proyekto, maaaring bayaran ng kustomer sa kanilang utility bill ang mga pagpapabuti sa paglipas ng panahon. Ang abot-kayang financing ay ibinibigay sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa isang pinansyal na institusyon (tulad ng isang bangko) na handa at kayang magbigay ng mas mababang mga rate ng interes sa mga pautang, na maaaring ialok ng tagapangasiwa ng programa sa mga kustomer.

#### **Libreng Kagamitan/Serbisyo o Direktang Instalasyon**

Ang libreng kagamitan/serbisyo ay tumutukoy sa mga programa kung saan ang mga upgrade ng enerhiya ay libreng ibinibigay sa mga kustomer nang walang mga kinakailangan para sa pagbabayad. Para sa direktang instalasyon, ang mga kontratista o installer ay sinanay at inuupahan ng tagapangasiwa ng programa upang direktang magbigay sa mga kustomer ng mga pagpapabuti nang wala o mababang singilin.

## **Grant/Pondo**

Ang isang grant/pondo ay tumutukoy sa pagbibigay ng pera para sa isang partikular na layunin, tulad ng pagpopondo sa isang organisasyon upang maipatupad ang isang proyekto, o kung hindi man ay magbigay ng isang serbisyo. Ang isang grant/pondo ay naiiba sa isang paunang insentibo dahil sa ang pagpopondo ay karaniwang iginagawad batay sa proyekto sa mga organisasyon tulad ng mga nonprofit, o pampublikong sektor upang magbigay ng mga benepisyo sa publiko sa halip na magpatupad ng teknolohiya.

## **Kredito sa Singilin (Bill Credit)**

Ang kredito sa singilin (bill credit) ay isang halaga ng dolyar na natatanggap ng isang kustomer bilang isang kredito na direkta sa kanilang singilin sa enerhiya. Ang mga bill credit ay iba kaysa sa mga rate (inilalarawan sa ibaba) na kinakalkula kung magkano ang utang ng isang kustomer sa isang partikular na yugto ng panahon batay sa kanilang paggamit. Ang isang bill credit sa halip ay isang pagbawas sa gastos. Halimbawa, maaaring ikredito ng isang programa sa pagtugon sa pangangailangan ang singilin ng isang kustomer sa ibinigay na \$/kilowatt (kW) ng enerhiya na nababawasan ng ilang beses sa isang taon kapag aktibo ang mga kaganapan sa katipiran ng enerhiya.

## **Rate**

Tinutukoy ng isang rate o rate plan kung paano at kung magkano ang sinisingil sa mga kustomer para sa pagkonsumo ng enerhiya, at sa ilang mga pagkakataon, produksyon ng kanilang tagapagbigay ng utility. Maaaring idisenyo ang mga rate para sa mga partikular na layunin tulad ng pagkakarga ng de-kuryenteng sasakyan o paggawa ng enerhiya mula sa mga solar panel. Sa pangkalahatan, ang layunin ng mga espesyal na idinisenyong rate ay alisin ang mga hadlang o gawing mas pinansyal na kaakit-akit sa isang kustomer ang paggamit ng mga teknolohiya.

## **Teknikal na Tulong**

Ang teknikal na tulong ay isang pamamaraan ng pagbibigay ng akses sa mga eksperto na tumutulong sa kustomer sa paggawa ng ninanais na aksyon. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng akses sa mga eksperto na bihasa sa mga programa ng malinis na enerhiya, maaaring maipakilala ng teknikal na tulong ang mga kustomer sa mga bagong teknolohiya at serbisyo, malaman nang eksakto kung ano ang higit na makapagbibigay benepisyo sa kanila, at tulungan silang malampasan ang mga hadlang. Ang mga halimbawa ng saklaw ng teknikal na tulong ay nagmumula sa mga mapagkukunan online na madaling i-navigate hanggang sa suporta sa kustomer na isa-sa-isa.

## **Tulong sa Aplikasyon**

Ang tulong sa aplikasyon ay isang pamamaraan ng pagtulon sa mga kustomer sa pag-navigate sa mga alok ng programa o pag-aapply para sa mga umiiral na programa na makukuha nila mula sa iba pang mga tagapagbigay ng programa (tulad ng, mga ahensya ng utility at pang-rehiyon, estado, at pederal). Maaaring makatulong sa mga kustomer ang tulong sa aplikasyon para pabilisin ang iba't ibang proseso at kinakailangan sa aplikasyon.

### **3.1.3 Mga Uri ng Kustomer**

Maaaring idisenyo ang mga programa upang pagsilbihan ang iba't ibang uri ng kustomer at mag-target ng iba't ibang populasyon. Tinukoy ng team ang pangangailangang pag-aralan ang mga programang tahasang idinisenyo para sa mga kustomer sa mga Pinagtutuunang Komunidad at mga residenteng kwalipikado sa kita upang mas lalo pang maipakita kung paano humahanay ang mga programang iyon sa mga prayoridad ng komunidad at organisasyon. Napag-alaman ng team na maraming umiiral na programa sa merkado na idinisenyo sa ganitong paraan. Para sa mga layunin ng Planong ito, ang mga programa ng enerhiya ay ikinategorya sa kung sila ay partikular na nakapokus sa mga Pinagtutuunang Komunidad o kung sila ay magagamit sa lahat ng klase ng kustomer.

### **3.1.4 Mga Sektor ng Merkado**

Ang mga pantahanan at komersyal na kustomer ng enerhiya ay madalas na may malawak na pagkakaiba-iba sa mga pangangailangan at mga pattern sa paggamit ng enerhiya, kaya karamihan sa mga utility ay hinihiwalay ang mga kustomer sa dalawang malawak na kategoryang ito. Sa

loob ng pantahanang sektor, ang mga residente ng isahang pamilya o maramihang pamilya ay kadalasang may iba't ibang hadlang para gumawa ng mga aksyon at samakatuwid ay inihiwalay sa isa't isa. Halimbawa, ang mga programa para sa mga residente ng tahanan ng isahang pamilya ay kadalasang may mas mabababang hadlang sa pakikilahok, habang ang mga residente ng tahanan ng maramihang pamilya ay kadalasang nahaharap sa mas matataas na hadlang sa pakikilahok sa programa. Ito ay dahil sa pag-aatas ng pag-apruba ng mga manedyer o may-ari ng gusali, malaking paggastos sa kapital, at ang potensyal para sa mga benepisyo na higit na humihiling sa isang partido kaysa sa isa pa. Dahil ang abot-kayang pabahay ay karaniwang nangyayari sa mga gusali ng maramihang pamilya, ang kakulangan ng mga programa na idinisenyo para suportahan ang mga residente ng maramihang pamilya ay nagreresulta sa isang puwang sa pagkakapantay-pantay. Para sa mga layunin ng Planong ito, sinuri ng team ang mga listahan ng programa para sa tatlong sektor ng merkado: pantahanang isahang pamilya, pantahanang maramihang pamilya, at komersyal.

## **3.2 Konklusyon**

Ang pagtatasa at pamamaraan sa programa ng merkado para sa pagsasama-sama ng mga programa sa database ng programa ay nagbigay ng pare-pareho at malinaw na paraan para makuha at maisaayos ng team ang daan-daang potensyal na programa pati na rin ang pag-analisa sa iba't ibang kombinasyon ng mga katangian ng programa na maaaring bigyang-prayoridad ng SDCP sa susunod na limang taon. Tinatalakay ng susunod na kabanata kung paano sinuri at binigyang-prayoridad ng team ang mga listahan ng programa ayon sa sektor ng merkado upang makapagbigay ng estratehikong direksyon sa SDCP.

# Balangkas sa Pagbibigay-prayoridad ng Programa

Kabanata 4

## 4 Balangkas sa Pagbibigay-prayoridad ng Programa

Ang pagtatasa sa mga pangangailangan ng komunidad (Kabanata 2) ay nagbigay ng pananaw sa mga pangangailangan at prayoridad ng komunidad gayundin sa mga prayoridad ng organisasyon ng SDCP. Ang pagtatasa sa programa ng merkado (Kabanata 3) ay ginalugad ang hanay ng mga programa sa enerhiya ng kustomer na maaaring ialok upang matugunan ang mga hamon at layuning iyon. Upang matukoy at rangguhan kung aling mga programa ang pinakamahasag na humahanay sa mga prayoridad ng komunidad at organisasyon sa isang nagbibilang, hindi nagpapabagobago, at malinaw na paraan, ang team ay gumawa ng isang balangkas na kasangkapan sa pagbibigay-prayoridad.

Mula sa pagtatasa sa mga pangangailangan ng komunidad, siyam na prayoridad ng komunidad at anim na prayoridad ng organisasyon ang natukoy, at tinalagahan ng bigat. Kabilang dito ang mga sumusunod:

Mga Prayoridad ng Komunidad	Mga Prayoridad ng Organisasyon
 Pagbawas sa binabayaran ko sa kuryente	 Pagpapataas ng kamalayan at edukasyon sa enerhiya
 Pagtugon sa pagbabago ng klima sa pamamagitan ng pagbawas sa mga greenhouse gas emission	 Pagpapanatili ng pinansyal na katatagan
 Paglikha ng mga trabaho sa sektor ng enerhiya na may husto at mabuting pasahod	 Pamumuhunan sa mga Pinagtutuunang Komunidad at pagpapanatiling abot-kaya ang enerhiya
 Magantimpalaan sa pag-akma kapag ako ay gumagamit ng enerhiya	 Pangangasiwa sa load flexibility
 Paglanghap ng mas malinis na hangin sa aking tahanan o negosyo	 Pagsasamantala ng paggamit ng infill solar at imbakan ng enerhiya
 Pagbawas sa polusyon ng hangin sa aking komunidad	 Pagpapakita ng pagbibigay benepisyo sa mga kustomer sa pamamagitan ng pamumuhunan pabalik sa komunidad
 Paglikha ng mga oportunidad para sa mga Pinagtutuunang Komunidad para makilahok sa transisyon ng malinis na enerhiya	
 Pagbuo ng mas maraming rooftop solar sa taas ng bubong sa malalayong lugar sa halip na malalaking sistema	
 Pagpapanatiling bukas ng kuryente sa aking bahay o negosyo	



## 4.1 Pagbuo sa Listahan ng Programa

Sinuri ng team ang higit sa 200 na mga programa mula sa pagtatasa ng merkado at lumikha ng isang bagong listahan ng higit sa 70 iba't ibang mga uri ng programa na ginawang bukod-tangi para sa SDCP. Nakapokus ang listahang ito sa mga programa na maaaring magpuno sa mga puwang sa kung ano na ang magagamit ng mga kustomer ng SDCP, mga programang katulad ng ibinibigay ng iba pang CCA, at mga potensyal na bagong programa na maaaring makatulong punan ang mga puwang (*tingnan ang Apendiks H para ang listahan ng higit sa 70 uri ng mga programa na tinasa naa*). Ang listahan ng mga programang nasuri ay iniakma upang matugunan ang mga puwang sa kasalukuyang programa ng merkado sa teritoryo na binibigyang-serbisyo ng SDCP sa mga sumusunod na paraan:

- **Mga teknikal na elemento:** Sinuri ng team ang mga programa o aksyon na susuporta sa mga pangangailangan ng komunidad na hindi makukuha ng mga kustomer ng SDCP sa pamamagitan ng mga kasalukuyang programa. Sa ilang mga kaso, nagdagdag ng mga bagong programa upang ipakilala ang mga bagong teknikal na elemento tulad ng pagpapakuryente ng mga kagamitang pang-industriya.
- **Mga mekanismo ng paghahatid o mga bahagi ng merkado:** Sinuri ng team ang mga programang maaaring lokal na makuha ngunit hindi naaakses ng ilang kustomer (*partikular sa mga Pinagtutuunang Komunidad*) dahil sa uri ng insentibo na iniaalok o iba pang mga hadlang. Sa mga kasong ito, nagdagdag ng mga bagong programa upang maghatid ng mga teknikal na elemento sa pamamagitan ng iba't ibang mekanismo ng paghahatid (*tulad ng, mga paunang insentibo sa halip na mga rebate*) o sa mga karagdagang sektor ng merkado (*tulad ng, pantahanan o maramihang pamilya*).
- **Mga umiiral na programa na may mataas na paghahanay ngunit potensyal para sa nadagdagang pakikilahok:** Sinuri ng team ang mga programa na kasalukuyan ay magagamit, gaya ng mga programa sa katipiran ng enerhiya na inaalok sa pamamagitan ng SDG&E. Ang mga programang tulad nito ay isinama para ikonsidera bilang mga programang “tulong sa aplikasyon” na nangangahulugan na maaaring tulongan ng SDCP sa mga aplikasyon ang mga kustomer para matulongan silang matanggap ang mga benepisyo ng mga kasalukuyang programa.

## 4.2 Pagsusuri sa mga Programa

Sa balangkas na kasangkapan sa pagbibigay-prayoridad ng programa, ang teknikal na elemento ng bawat programa, elemento ng paghahatid, at uri ng kustomer ay binigyan ng iskor ng mga kawani ng SDCP batay sa kung gaano ito kalakas humahanay sa pagtugon sa bawat prayoridad ng komunidad at organisasyon na nauugnay sa isa't isa. Ang bawat isa ay binigyan ng iskor na -1 para sa negatibong epekto, 0 para sa hindi naaangkop, 1 para sa medyo/hindi direktang humahanay, at 2 para sa malakas/direkta na humahanay.

Halimbawa, ang mga pangkarga (charger) ng de-kuryenteng sasakyan, bilang isang teknikal na elemento, ay malakas/direkta na nag-aambag sa *pagtugon sa pagbabago ng klima sa pamamagitan ng pagbawas sa greenhouse gas na mga emisyon at pagbawas ng polusyon sa hangin sa aking komunidad* bukod sa iba pang mga prayoridad ng komunidad at organisasyon. Ang isang paunang insentibo, bilang elemento ng paghahatid, ay tumanggap ng mas mataas na iskor para sa *paglikha ng mga pagkakataon para sa mga Pinagtutuunang Komunidad na makalahok sa malinis na paglipat ng enerhiya at paggawa ng mga pamumuhunan sa mga Pinagtutuunang Komunidad at pagpapanatiling abot-kaya ang enerhiya* kaysa sa isang rebate dahil ang mga paunang insentibo ay mas naaakses ng mga kustomer na walang mapagkukunan para makayanang bayaran ang teknolohiya nang walang paunang suporta.

Ang kasangkapan ay nagkalkula ng isang iskor para sa bawat programa gamit ang mga teknikal na elemento, mga elemento ng paghahatid, at mga uri ng kustomer. Nagresulta ito sa isang


### Ayon sa mga Numero

- 3 Sektor ng Merkado
- 9 na Prayoridad ng Komunidad
- 6 na Prayoridad ng Organisasyon
- Higit sa 200 na mga Umiiral na Programa
- Higit sa 70 Natatanging Programa na Nasuri
- 13 uri ng Programa na Inirekomenda

narangguhang listahan ng mga programa para sa bawat sektor ng merkado (tulad ng, pantahanang isahang pamilya, pantahanang maramihang pamilya, at komersyal). Ang nangungunang 20 programa mula sa bawat sektor ng merkado ay pinagsama-sama sa mga pangkalahatang uri ng programa at sinuri para sa pagkakaroon ng pagpopondo. Binubuo ng mga uri ng programang ito ang inirerekomendang hanay ng mga uri ng programa na iprinesenta sa Kabanata 6.

### **4.3 Konklusyon**

Ang balangkas sa pagbibigay-prayoridad ng programa ay nagbigay ng paraan para masuri ng team ang maraming programa sa hindi pabago-bago at malinaw na paraan at tumulong na mapaliit ang isang hanay ng mga opsyon na pinakamahusay na humahanay sa mga prayoridad ng komunidad at organisasyon. Ang mga nagresultang opsyon ng programa noon ay kailangang masuri para sa kanilang pagkakahayan sa mga mapagkukunan ng potensyal na pagpopondo (inilarawan sa Kabanata 5) at isinaayos sa isang mapanghangad ngunit napapamahalaang hanay ng mga pagpipilian para sa aksyon. Hindi naibigay ng balangkas ang lahat ng mga kasagutan, ngunit nakatulong ito sa SDCP na masiguro na anuman ang hinahabol sa listahan ng mga inirerekomendang uri ng programa ay makakatulong na matugunan ang mga prayoridad ng komunidad at organisasyon.



# Mga Mapagkukunan ng Pagpopondo sa Programa

Kabanata 5

# 5 Mga Mapagkukunan ng Pagpopondo sa Programa

## 5.1 Pangkalahatang-ideya

Nakapokus ang mga nakaraang kabanata sa proseso ng paghahanay ng mga programa sa mga prayoridad ng komunidad at organisasyon pati na rin ang pagtatala sa daigdig ng mga potensyal na programa na maiaalok ng SDCP sa mga kustomer nito. Binabalangkas ng kabanatang ito ang hanay ng mga pinagmumulan ng pagpopondo sa programa ng enerhiya ng kustomer, kabilang ang para sa mga programang inaalok sa mga kustomer ng SDCP ng iba pang mga ahensya (*tulad ng, mga programa ng ikatlong partido*) at para sa mga programa na maaaring ihatid ng SDCP sa mga mismong kustomer nito sa pamamagitan ng panlabas na pagpopondo.

## 5.2 Magagamit ng mga Kustomer

Natutunan namin sa pagtatasa sa mga pangangailangan ng komunidad (Kabanata 2) at pagtatasa sa merkado (*Kabanata 3*) na ang kaalaman sa at/o pag-akses sa mga programa ng ikatlong partido ay nananatiling isang malaking hadlang sa pagtataguyod. Ang katayuan ng SDCP bilang isang pampublikong ahensya, ang walang pinapanigan na mapagkukunan ng impormasyon ay maaaring gumanap ng isang makabuluhang bahagi sa pagtaas ng halaga ng pagpopondo sa programa ng ikatlong partido na sa bandang huli ay ipupuhunan sa rehiyon ng San Diego. Sa patuloy na pagtaas ng pamumuhunan sa pagpapagaan ng klima at mga programang panghustisya ng mga pamahalaan ng pederal at estado, dapat bigyang-prayoridad ng SDCP ang pagtulong sa mga kustomer na maakses ang pagpopondong ito sa parehong antas ng paghahatid ng mga programa ng SDCP sa mga kustomer. Para gawin ito, maaaring turuan ng SDCP ang mga kustomer patungkol sa makukuhang programa at tulong ang mga kustomer sa pamamagitan ng tulong sa aplikasyon (*inilalarawan sa Kabanata 6*).

***Sa patuloy na pagtaas ng pamumuhunan sa pagpapagaan ng klima at mga programang panghustisya ng mga pamahalaang pederal at estado, dapat bigyang-prayoridad ng SDCP ang pagpapagana ng akses sa pagpopondong ito ng kanilang mga kustomer sa parehong antas ng mga inihatid na programa ng SDCP.***

Ang mga pangunahing pinagkukunan ng mga programa ng ikatlong partido na magagamit ng mga kustomer ng SDCP ay inilarawan sa ibaba. Mahalagang tandaan na ito ay hindi komprehensibong listahan, ngunit isang halimbawa ng mga uri ng programa na magagamit sa mga kustomer ng SDCP. Ganap na inaasahan ng SDCP na subaybayan ang mga programa ng ikatlong partido bilang bahagi ng anumang panghinaharap na edukasyon sa kustomer at mga inisyatiba ng tulong sa aplikasyon.

### 5.2.1 California Komisyon ng Pampublikong Kagamitan (California Public Utilities Commission)

TDirektang pinopondohan ng California Public Utilities Commission (CPUC) ang ilang komprehensibong mapagkukunan ng naipapamahaging enerhiya at mga programa ng pagpapaunlad sa merkado ng pagpapakuryente ng gusali. Ang mga programang ito ay karaniwang ipinapatupad ng mga administrador ng programa at malakihang pinopondohan ng mga pondo ng Public Purpose Program Surcharge o mga kita mula sa Auction ng mga Allowance ng Greenhouse Gas. Ang mga pondo ng Public Purpose Program Surcharge ay isang halagang idinadagdag sa singilin sa kuryente (o gas) na binabayaran ng mga kustomer upang pondohan ang mga programang nilikha ng Assembly Bill 1890 noong 1996 at kinokontrol ng CPUC. Ang mga Kita sa Auction ng Mga Allowance sa Greenhouse Gas ay mga allowance mula sa programa ng Cap-and-Trade na itinatagala sa mga utility ng distribusyon ng kuryente upang magamit para sa kapakinabangan ng mga ratepayer sa ilalim ng awtorisasyon ng Assembly Bill 32.

Ang pagbibigay-insentibo sa solar sa taas ng bubong sa mga komunidad at sa mga gusaling may mababang paggamit ay ang pangunahing layunin ng mga programang **Disadvantaged**

### **Communities-Single-Family Affordable Solar Homes (DAC-SASH) at Solar on Multifamily Affordable Housing (SOMAH)**

Ang DAC-SASH ay nagbibigay-daan sa kuwalipikado sa kita na mga may-ari ng bahay sa mga mahihirap na komunidad na makatanggap ng walang gastos na instalasyon ng taas ng bubong solar at ito ay makukuha ng mga kustomer ng SDCP hanggang 2030. Ang programa ay pinondohan ng Greenhouse Gas Allowance Auction Proceeds, at kung kinakailangan, ng mga ratepayer ng utility at pinangangasiwaan ng CPUC; Ang GRID Alternatives ay pinangangasiwaan ang programa sa buong estado, na may \$8.5 milyon na taunang badyet. Ang programa ng SOMAH ay nagbibigay ng mga pinansiyal na insentibo sa mga may-ari ng ari-arian para sa pag-instala ng mga sistema ng solar sa mga kuwalipikadong pabahay ng maramihang pamilya sa buong California. Pinondohan sa pamamagitan ng mga Nalikom Sa Subastahan Ng Greenhouse Gas Allowance, ang SOMAH ay may badyet ng programa na hanggang \$100 milyon taon-taon at isang pangkalahatang target para mag-instala ng 300 megawatts (MW) ng kapasidad sa paggawa sa mababang kita at mahihirap na mga komunidad hanggang sa 2030.

Ang **Self-Generation Incentive Program (SGIP)** ay isang programa sa buong estado na nag-aalok ng mga rebate para sa mga teknolohiya sa pag-iimbak ng enerhiya at ipinamamahaging paggawa ng malinis at matipid na enerhiya, na may 80% o higit pa sa pagpopondo (*paksa sa pagbabago*) ang inilalaan para sa pag-iimbak ng enerhiya. Simula sa gitna ng 2023, magbibigay na ng higit sa \$84.7 milyon na insentibo ang SGIP para sa mga heat pump water heater na may kalahati ng pondo ay nakalaan para sa mga kustomer na nasa may mababang kinikita. Ang SGIP ay isang programang pinondohan ng mga nagbabayad ng rate na pinangangasiwaan ng CPUC at magagamit ng mga tingiang kustomer ng kuryente at gas ng mga pangunahing utility na pagmamay-ari ng mamumuhunan sa California, kabilang ang mga kustomer ng SDCP. Ang Center for Sustainable Energy ay pinangangasiwaan ang SGIP sa lugar ng serbisyo ng SDG&E at SDCP samantalang ang Energy Solutions ang magpapatakbo ng programa ng SGIP Heat Pump Water Heater sa buong estado. Noong 2022, inawtorisa ng CPUC ang pagpopondo ng higit sa \$1 bilyon hanggang 2024 para sa SGIP. Kasama sa pagpopondo na ito ang pagbibigay-prayoridad sa mga komunidad na nahihimlay sa mga lugar na may mataas na banta ng malalaking sunog, mga komunidad na nakaranas ng dalawa o higit pang mga kaganapan ng Public Safety Power Shutoff, pati na rin ang mga kustomer na mababa ang kita at medikal na mahihina. Magagamit din ang mga pondo para sa “mga kritikal na pasilidad” na sumusuporta sa katatagan ng komunidad sakaling magkaroon ng Public Safety Power Shutoff o malaking sunog. Ang mga insentibo ng SGIP ay nahahati sa limang kategorya ng badyet: large-scale energy storage, small residential energy storage, residential equity, non-residential storage equity, equity resiliency (para sa tirahan at non-residential), at mga heat pump water heater (pangkalahatan). Mula noong Enero 2023, humigit-kumulang \$27.9 milyon (*paksa sa pagbabago sa mga darating na taon*) ang maaaring magamit ng mga kustomer ng SDG&E at SDCP.

Ang pagpapakuryente ng gusali ay ang pokus ng programang **TECH Clean California**, na pinondohan ng mga nagbabayad ng rate at pinangangasiwaan ng CPUC. Ang mga kustomer ng SDCP ay kuwalipikadong lumahok sa inisyatibang ito na pangbuong estado na nagbibigay ng mga insentibo, edukasyon, at mga mapagkukunan para sa pagpapakuryente ng gusali tulad ng mga pag-instala ng heat pump. Sa orihinal, \$116 milyon ang inilaan sa programang ito sa loob ng apat na taon na panahon simula noong Disyembre 2021 na may tinatayang \$6.6 milyon na nakalaan para sa mga kustomer sa lugar na binibigyang-serbisyo ng SDG&E. Mataas ang pangangailangan para sa proyektong ito na naging dahilan upang maubos ang lahat ng pagpopondo sa insentibo bago ang Abril 2022. Noong Setyembre 2022, naaprubahan ang karagdagan pagpopondo para sa TECH Clean California na naglaan ng \$50 milyon para pakinabangan ng lahat ng residente ng California. Inaasahang maglalaan ang Estado ng \$95 milyon (*paksa sa pagbabago*) sa proyekto para sa piskal na taong (FY) 23/24.

#### **5.2.2 California Air Resources Board**

Ang California Air Resources Board (CARB) ay nagkakaloob ng pagpopondo para sa samu't saring pagsusumikap sa pagpapakuryente ng transportasyon na sumasaklaw sa mga magagaan, katamtaman, at mabibigat na sasakyan. Para sa pagbili o pag-arkila ng mga bagong de-kuryenteng sasakyan, ang mga insentibo na hanggang \$7,000 ay makukuha mula sa CARB sa pamamagitan ng **Clean Vehicle Rebate Project**. Sa pakikipagtulungan sa San Diego County Air Pollution Control District, naghahanda ang CARB na pondohan ang programang **Clean Cars 4 All** sa rehiyon ng San

Diego na nagkakaloob ng mga insentibo sa mga residenteng mababa ang kita sa mga mahihirap na komunidad na ipagpalit at iretaso ang kanilang mga lumang sasakyan na pinatatakbo ng fossil-fuel para sa mas bagong mga de-kuryenteng sasakyan. Panghuli, ang **Clean Vehicle Assistance Program** ay nagbibigay ng mga paggawad at abot-kayang pagpondo upang matulungan ang mga kuwalipikado sa kita na taga-California na bumili o umarkila ng isang bago o nagamit nang hybrid o de-kuryenteng sasakyan. Ang programa ay kasalukuyan na walang magagamit na pagpopondo ngunit inaasahang makakatanggap ng karagdagang pagpopondo sa panghinaharap na mga siklo ng badyet.

Nag-aalok ang CARB ng maraming insentibo para sa mga katamtaman at mabibigat na sasakyan, na ang pinaka-prominenteng pinanggagalingan ay ang **Hybrid at Zero-Emission Truck and Bus Voucher Incentive Project (HVIP)**. Para sa FY 22-23, may magagamit na \$250 milyon para sa mga pamantayang pondo at \$65 milyon para sa mga sasakyang pangtransportasyon. Pinamamahalaan din ng CARB ang **Volkswagen Mitigation Trust** na nagbibigay ng \$130 milyon para sa zero-emission transit, school, at shuttle bus (pinangangasiwaan ng San Joaquin Valley Air Pollution Control District); \$90 milyon para sa zero-emission class 8 freight at port drayage na mga trak (pinangangasiwaan ng South Coast Air Quality Management District); at \$70 milyon para sa zero-emission freight at marine na mga proyekto (pinangangasiwaan ng Bay Area Air Quality Management District). Ang mga programang ito ay maaaring makapagbigay ng sampu hanggang daan-daang libong dolyar sa pagpopondo para sa pagpapakuryente ng mga katamtaman at mabibigat na sasakyan.

### 5.2.3 San Diego Gas & Electric

Kasalukuyang nag-aalok ang SDG&E ng higit sa 90 katipiran sa enerhiya, pagtugon sa pangangailangan, at mga programa sa pagpapakuryente ng transportasyon na magagamit ng mga kuwalipikadong kustomer ng SDCP. Ang mga programang ito ay pinopondohan ng mga nagbabayad ng rate ng SDG&E at SDCP, na ang mga programa sa katipiran sa enerhiya at pagtugon sa pangangailangan ay higit na pinopondohan gamit ang mga pondo ng Public Purpose Program Surcharge ayon sa inaatas ng CPUC. Inaawtorisa ng CPUC ang SDG&E na pangasiwaan ang katipiran sa enerhiya at pagtugon sa pangangailangan na mga programa at nag-aapruba sa kanilang mga badyet. Para sa siklo ng 2024-2027 energy efficiency budget, mahigit \$332 milyon ang iminumungkahi para sa isang hanay ng mga programa sa katipiran sa enerhiya kabilang ngunit hindi limitado sa pagtuturo sa mga kustomer, pagsasanay sa mga kontratista, paglilipat ng mga kapaki-pakinabang na teknolohiya patungo sa higit na murang gastos, pagbibigay ng katipiran sa enerhiya sa “mga mahirap maabot o kulang sa serbisyo na mga kustomer”, at pagsuporta sa susunod na henerasyon ng mga pamantayan sa gusali at appliance ng estado at pederal.

Ang mga programa sa pagpapakuryente ng transportasyon ng SDG&E ay binigyan ng mandato sa pamamagitan ng CPUC at higit na nagmula sa pamamagitan ng batas ng estado tulad ng Senado Bill 350 at Assembly Bills 1082, at 1083. Pangunahing nilalayan ng mga programa na bigyan ng insentibo ang pag-instala ng mga istasyon ng pagkakarga (charging stations) sa mga apartment, condo, paaralan, parke, at beach, pati na rin ang pagsuporta sa pagpapakuryente ng katamtaman at mabibigat na sasakyan. Ang mga karagdagan na panimulang proyekto ay nagta-target sa mga partikular na industriya o kustomer tulad ng mga puwerto, paliparan, at mga lote ng park & ride. Kabilang sa ilang programa sa pagpapakuryente ng transportasyon ay ang layuning ipuhunan ang 50% ng pagpopondo ng programa sa mga komunidad na kulang sa serbisyo, tulad ng tinukoy ng Assembly Bill 841.

### 5.2.4 Mga Ahensyang Pang-rehiyon

Ang ilang mga ahensyang pangrehiyon ng San Diego ay pinangangasiwaan ang mga programang bukas sa mga kuwalipikadong kustomer ng SDCP. Pinaka-kaugnay sa mga kustomer ng SDCP, ang San Diego County Air Pollution Control District (APCD) at San Diego Association of Governments (SANDAG), parehong pinangangasiwaan ang ilang pederal, estado, at pangrehiyong programa sa pagpopondo upang mabawasan ang mga emisyon mula sa mga mobile na pinagmumulan. Ang mga ahensyang ito ay inaasahang magbibigay ng malakihang pagpopondo upang suportahan ang pagpapakuryente ng transportasyon sa mga darating na dekada at magiging isang kritikal na mapagkukunan ng mga programa ng ikatlong partido na maaakses ng kustomer ng SDCP.

Iminungkahi ng SANDAG ang higit sa \$1 bilyon sa mga pamumuhunan sa pagpapakuryente ng transportasyon pagsapit ng 2035. Kabilang dito ang mahigit \$600 milyon para sa mga insentibo sa mga zero-emission na sasakyan, mahigit \$150 milyon para sa mga insentibo sa imprastruktura sa pagkakarga ng de-kuryenteng sasakyan, at \$325 milyon para sa mga zero-emission na bus at imprastruktura ng pagkakarga. Historikong nakapokus ang APCD sa pagbibigay-insentibo sa mga katamtaman at mabibigat na sasakyan at pagbawas sa mga emisyon ng sasakyan at kagamitan; gayunpaman, kamakailan lamang ay nagpalawig ito sa mga programa ng pagreresaso ng magagaang sasakyan gayundin sa mga proyektong may mataas na epekto sa komunidad tulad ng itinuring ng Assembly Bill 617 Community Steering Committee. Nagresulta ito sa isang dramatikong pagpapalawak sa mga programang paggawad at badyet, tumaas mula \$5 milyon taon-taon noong 2017 hanggang \$25 milyon taon-taon noong 2021.

Isang kapansin-pansing programa na parsyal na pinondohan ng California Energy Commission (CEC) at ipinatupad ng Center for Sustainable Energy ay ang **California Electric Vehicle Infrastructure Project (CALeVIP)**. Ang CALeVIP ay pinopondohan ng California Energy Commission (CEC) mula sa pagpaparehistro ng sasakyan at sasakyang-pandagat, mga plaka ng pagkakakilanlan ng sasakyan, at mga bayarin sa pagpapahupa ng usok. Bilang bahagi ng San Diego County Incentive Project, na inilunsad sa pakikipagtulungan ng SANDAG at APCD, CALeVIP ng mga rebate na hanggang \$6,000 para sa Level 2 electric vehicle charger at \$80,000 para sa Direct Current Fast Charger. Simula noong 2019, nagkaroon ang San Diego County ng tatlong taon na paglalaan ng pagpopondo na \$21 milyon para sa CALeVIP; ang lahat ng paunang pondo ay inilaan o inireserba ngunit ang karagdagang pagpopondo ay inaasahan sa mga panghinaharap na taon.

### 5.2.5 Pederal na Pagpopondo

Ang pederal na Infrastructure Investment and Jobs Act (IIJA) at ang Inflation Reduction Act (IRA) ay nagbibigay ng hindi pa napapantayang oportunidad para sa pagpopondo ng proyekto sa malinis na enerhiya. Ang parehong batas ay mahusay na humahanay sa mga prayoridad ng SDCP para sa pagtaas ng katatagan sa enerhiya ng komunidad, dekarbonisasyon, at hustisyang pangkapaligiran, at naaayong target na pagpopondo. Bilang karagdagan sa mga oportunidad ng paggawad na makukuha ng SDCP (sinaklaw sa seksyon 5.3), ang IIJA at IRA ay magbibigay ng pagpopondo direkta sa mga kustomer sa anyo ng mga gawad, pautang, rebate, teknikal na tulong, at mga insentibo sa buwis.

Ang programa sa rebate ng pederal na **Home Owner Managing Energy Savings** ay inaasahang magbibigay ng \$292 milyon sa California. Ang mga rebate na hanggang \$4,000 ay ipagkakaloob para sa mga retrofit sa pagtitipid sa kuryente sa buong bahay, kabilang ang pag-instala ng mga solar panel, na may mga halaga ng rebate na dinoble para sa mga indibiduwal na mababa at nasa gitna ang kita. Ang programa ay kasalukuyang binubuo ngayon ng CEC, at ang mga rebate ay inaasahang makukuha sa 2024.

Hindi ito dapat ipagkamali sa programang **High-Efficiency Electric Homes Rebate** na inaasahang magbibigay ng \$290 milyon sa California. Ang programang ito ay magbibigay-insentibo sa mga pamilyang mababa at nasa gitna ang kita para mapakuryente ang kanilang mga tahanan (*tulad ng, teknolohiya ng heat pump at mga de-kuryenteng pantuyo ng damit*) na may maximum na \$14,000 rebate kada mga sambayanan.

Dagdag pa sa mga insentibo sa kagamitan, kasama sa IRA ang mga makabuluhang probisyon sa buwis na direktang magagamit ng mga konsyumer at negosyo. Ang kahusayang kredito ng may-ari ng bahay, na tinatawag na **Residential Energy Efficiency Home Improvement Credit**, ay pinalawig ng IRA upang maging taunan sa halip na ang nakaraang limitasyon na panghabambuhay. Ngayon ay maaaring makatanggap ang mga konsyumer ng kredito sa buwis na hanggang 30% ng mga gastos sa kagamitan bawat taon para sa mga kagamitan at upgrade sa malinis na enerhiya sa tahanan. Ang bagong **Residential Clean Energy Tax Credit** ay nagpapalawig, nagpapataas, at nagpapalawak ng mga kredito sa buwis ng may-ari ng bahay para sa onsite na produksyon at imbakan ng enerhiya hanggang 2034. Ang mga katulad na insentibo sa buwis ay magagamit upang suportahan ang pagpapakuryente ng transportasyon.

Itinatag din ng IIJA ang **Programang Clean School Bus** ng Environmental Protection Agency (EPA) na nagbibigay ng \$5 bilyon sa susunod na limang taon simula sa FY 22. Ang programang ito ay maaaring maggawad ng hanggang sa 100% ng gastos sa pagpapalit ng school bus at maaaring

magpondo para sa paniningil sa imprastruktura. Noong 2022, ang EPA ay nagbigay ng \$500 milyon sa mga rebate na may maximum na halaga ng pagpopondo na \$375,000 kada school bus at hanggang \$20,000 sa pagpopondo para sa paniningil sa imprastruktura. Ang EPA ay may awtoridad na maglabas ng pondo sa pamamagitan ng mga gawad, rebate, o kontrata.

### 5.3 Pinangangasiwaan ng SDCP

Naglalayong tugunan ng SDCP ang mga pangangailangan ng komunidad sa pamamagitan ng mga programa sa enerhiya ng kustomer. Sa maraming kaso, ang maraming mga programa ng ikatlong partido third-party na magagamit ng mga kustomer ay tutugunan ang mga pangangailangang iyon, ngunit kapag hindi nila nagawa ito, kakailanganin ng SDCP na magdisenyo at maghatid ng sarili nitong mga programa. Ang pagtukoy sa pinakaangkop na pagpopondo para sa mga programang pinangangasiwaan ng SDCP ay isang kritikal at nagpapatuloy na elemento ng estratehikong pagpapalano.

#### 5.3.1 Panloob laban sa Panlabas na Pagpopondo

Kapag ikinokonsidera ang pagpopondo para sa pangangasiwa ng mga programa, dapat na magsuri ang SDCP gamit ang mga panloob na kita at mag-apply para sa panlabas na pagpopondo, na parehong may mga epekto na kailangan ay masusing ikonsidera. Ang pamumuhunan ng mga panloob na kita sa mga programa ay gagawin sa iba pang potensyal na pagbibigay-prayoridad ng organisasyon. Sa pagsasabing iyon, ang pamumuhunan ng mga kita pabalik sa komunidad sa pamamagitan ng mga programa ay nagbibigay ng mapagkakailang pinakapantay na distribusyon ng kita sa mga kustomer at walang alinlangan na nagbibigay ng pinakamataas na antas ng katiyakan at pleksibilidad para sa SDCP upang mangasiwa ng mga programa.

Ang panlabas na pagpopondo ay karaniwang kumpetitibong pataasan ng presyo, na nangangailangan ng mga karagdagang mapagkukunan para sa pagsubaybay at pagsusulat ng gawad, at paglikha ng peligro para sa pangmatagalang pagpapalano ng programa dahil sa walang katiyakan na pagbigay ng gawad. Bukod pa rito, marami sa mga potensyal na masalimuot na elementong administratibo ng panlabas na pagpopondo (*tulad ng, pag-uulat, disenyo ng programa, at mga timeline*) ay maaaring hindi gaanong pabigat kapag pinopondohan ang mga programa gamit ang mga panloob na kita. Ang pleksibilidad na ito ay partikular na mahalaga kapag kinokonsidera ang mga pangako sa equity ng SDCP dahil ang mga mapagkukunan ng panlabas na pagpopondo ay maaaring may mga pag-aatas na maaaring magpahirap sa epektibong paghahatid ng mga programa sa mga kustomer sa mga Pinagtutuunang Komunidad.

Ang pananaliksik sa kabuuang katayuan ng CCA ay nagpapakita ng iba't ibang mga pamamaraan kapag ikinokonsidera ang mga mapagkukunan ng pagpopondo ng programa. Ang ilang mga CCA ay agresibong ginagastos ang kanilang sariling mga kita sa mga programa na may kaunting paggamit ng mga panlabas na pondo dahil sa administratibong pasanin at pagkakumplikado na nauugnay sa mga panlabas na pondo, bukod sa iba pang mga kadahilanan. Ang iba ay gumagastos ng medyo limitadong halaga ng mga kita sa mga programa, sa halip ay umaasa na lamang sa mga mapagkukunan ng panlabas na pagpopondo. Bilang isang kasisimula pa lang na organisasyon, dapat bigyang-prayoridad ng SDCP ang gitna ng dalawang sukdulang ito at iakma ang estratehiya habang tumatanda ang organisasyon.

***Habang natutugunan ang mga reserbang target, tataas ang oportunidad para sa SDCP na ipuhunan ang mga kita pabalik sa mga komunidad sa pamamagitan ng mga programa.***

Sa panandaliang panahon, ang SDCP ay nakatuon sa pagbuo ng mga reserbang pinansyal ng \$500 milyon (180-araw na cash on hand), dahil isa sa mga estratehikong layunin ng organisasyon ay ang makakuha ng credit rating. Ang atensyong ito sa pagbuo ng isang matatag na posisyong pinansyal ay mahalaga upang paganahin ang SDCP na epektibong matugunan ang mga pangmatagalang pangangailangan ng komunidad. Habang natutugunan ang mga reserbang target, tataas ang kakayanan ng SDCP na ipuhunan ang mga kita pabalik sa mga komunidad sa pamamagitan ng mga programa.



Ang matugunan ang mga pinansyal na reserbang target ay magbibigay sa SDCP ng kakayahang mag-alok ng mga programa na may mas malalaking badyet at magbigay ng mga insentibong pinansyal gamit ang mga panloob na kita. Ang mga panloob na kita ay maaari ding suportahan ang tumaas na panlabas na pagpopondo, halimbawa sa pamamagitan ng pagbuo ng mga pasimulang programa na maaaring mapalawig gamit ang mga panlabas na mapagkukunan, o sa pamamagitan ng pagdaragdag sa panlabas na pagpopondo gamit ang mga karagdagang pondo upang suportahan ang mga pangangailangan ng buong proyekto. Ang paggawa nito ay maaaring magpalawig pa sa panloob na dolyar ng SDCP.

## 5.4 Mga Panlabas na Mapagkukunan

Maaaring mag-apply ang SDCP para sa mga pondo mula sa samu't saring mapagkukunan upang madagdagan ang sarili nitong mga pamumuhunan sa mga programa. Ang mga panlabas na mapagkukunang ito ay nag-iiba-iba sa antas ng mga mapagkukunan ng pagpopondo na kanilang ibinibigay, ang pagiging kumplikado ng proseso ng aplikasyon para makuha ang mga ito, at ang pleksibilidad na inaalok nila sa kung paano ipinamamahagi ang mga pondo.

Nagiging available ang mga bagong oportunidad sa pagpopondo habang ang badyet ay inilalaan sa pamamagitan ng lehislyasyon ng estado. Susubaybayan ng SDCP ang mga oportunidad sa pagpopondo na akmang magandang ituloy, batay sa mga prayoridad ng komunidad at organisasyon, at mag-apply para sa mga ito sa panandaliang panahon, habang nauunawaan na ang pagpopondo ay maaaring hindi magagamit hanggang sa kalagitnaan ng termino. Para sa ilang oportunidad sa panlabas na pagpopondo, maaaring magawang makipagsosyo ang SDCP sa iba pang mga ahensya ng rehiyon at mga kaakibat upang mabahagian ng administratibong pasanin. Dapat galugarin ng SDCP ang posibilidad sa pagkuha ng pagpopondo mula sa mga sumusunod na mapagkukunan.

### 5.4.1 California Public Utilities Commission

Ang SDCP ay may maraming mga paraan para magbigay ng mga programa ng katipiran sa enerhiya sa mga kustomer na gumagamit ng mga pondo ng Public Purpose Program Surcharge na pinamamahalaan ng CPUC. Pinahihintulutan ng CPUC ang dalawang direktang daanan para maakses ng SDCP ang pagpopondo para sa katipiran ng enerhiya: Ang **Apply sa Administer (ATA)** at **Elect to Administer (ETA)**. Sa ilalim ng ATA, maaaring mag-alok ang SDCP ng mga programa ng katipiran sa enerhiya na hindi kinokopya ang kasalukuyang mga alok ng SDG&E sa lahat ng mga programang inaatasang tugunan ang mahihigpit na pagsubok sa makatwirang gastos. Maaaring limitahan ng mga kinakailangan sa makatwirang gastos ang mga alok ng programa sa mga pantahanang kustomer at lalo na sa mga kustomer sa mga Pinagtutuunang Komunidad. Dahil sa administratibong pasanin, kawalan ng pleksibilidad at pagkamalikhain, at mahihigpit na mga kinakailangan sa makatwirang gastos, ang MCE Clean Energy ay ang tanging CCA na napunta sa daanan ng ATA. Pinangangasiwaan ng MCE ang mga programa sa katipiran sa enerhiya sa loob ng halos isang dekada at kamakailan ay nagsumite ng kanyang 2024-2031 Plano sa Katipiran sa Enerhiya ng Negosyo para sa pag-apruba mula sa CPUC na may humigit-kumulang \$19 milyon na badyet na inilalaan bawat taon.

Ang opsyon sa ETA ay isang mas pinabilis na daanan para maakses ang mga pondo ng Public Purpose Program Surcharge na magagamit ng mga CCA. Sa kasamaang-palad, dahil sa mga pamamaraan na ginamit upang matukoy ang magagamit na pagpopondo, sa kasalukuyan ay walang magagamit na mga pondo na kuwalipikado para sa SDCP na matatanggap sa maikli at katamtamang haba ng panahon sa ilalim ng daanang ito.

Isang alternatibong oportunidad para iakses ang mga pondo ng Public Purpose Program Surcharge para sa SDCP ay ang bumuo ng **Regional Energy Network (REN)**. Ang rehiyon ng San Diego ay isa sa mga huling lugar na may mataas na populasyon sa Estado na hindi kasama. Ang mga programa ng REN ay nagpupuno sa mga puwang sa mga kasalukuyang programa sa katipiran sa enerhiya sa pamamagitan ng pagsisilbi sa “mas mahirap maabot” na mga kustomer. Hindi rin sila pinanghahawakan sa parehong mga hangganan sa makatwirang gastos, na nagbibigay-daan para sa higit na pleksibilidad sa pagbuo ng mga programang nagsisilbi sa mga Pinagtutuunang Komunidad.

Hiwalay sa pagpopondo sa katipiran sa enerhiya, inaasahan ng CPUC na pondohan ang mga makabagong panimulang proyekto sa pagpapakuryente ng transportasyon na tinatawag na **Locally Invested Transportation Equity (LITE) pilots**. Ang mga insentibo mula sa mga panimulang proyekto ng LITE ay limitado sa mga kustomer na may mababang kita at maliliit na pangkat na matatagpuan sa mga komunidad na tinukoy na mahirap gaya ng tinukoy ng CalEnviroScreen 4.0, at magbibigay-daan para sa subukin ng mga bagong pamamaraan sa disenyo ng rebata na maaaring punan ang mga puwang sa panbuong estado na programa ng rebata sa malilikhaing paraan. Hanggang sa \$25 milyon ay makukuha sa buong estado na may mga indibiduwal na pilot na nilimitahan sa \$4 milyon. Maghahanap ang CPUC ng mga konsepto ng pilot sa katapusan ng 2023 na may mga proyektong inaasahang magsisimula sa 2025.

#### 5.4.2 California Energy Commission

Ang mga paunang programa ay maaaring magbigay sa SDCP ng oportunidad para madaling makapamuhunan ng mga tukoy na halaga ng mga panloob na mapagkukunan upang mabilis na matutunan ang tungkol sa mga elemento ng isang partikular na programa bago maghanap ng mas makabuluhang pamumuhunan para sa mga pinalaking programa. Kapag bumubuo ng mga paunang programa, dapat isama ng SDCP ang mga oportunidad para makuha ang mga aralin na natutunan sa buong proseso, ito man ay sa pamamagitan ng pagkuha ng data, pagtatasa sa pagganap, at/o patuloy na dayalogo ng stakeholder. Ang mga paunang programa ay maaari ding magbigay ng oportunidad para sa SDCP na makipagsosyo, sumuporta, at matuto mula sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad. Dapat magtrabaho ang SDCP kasama ang mga organisasyong nakabase sa komunidad, kung maaari, upang magdisenyo at magpatupad ng mga programa sa pagpapaunlad.

### Mga Konsiderasyon sa Pagpopondo

Depende sa halaga ng kinakailangang pamumuhunan, ang mga paunang programa ay maaaring mapondohan ng mga panloob na kita. Ang mga mas maliliit na paunang programa ay maaaring gumana bilang isang paunang yugto sa disenyo ng mas malawak na mga programang pinondohan mula sa labas. Gayunpaman, dahil sa laki ng lugar na binibigyang-serbisyo ng SDCP, dapat ding ikonsidera ng SDCP ang paghahanap ng panlabas na pagpopondo upang maisakatuparan ang mga paunang programa sa buong lugar ng serbisyo at mailubos ang epekto.

# Uri ng Programa 5: Mga Programa ng Grant

Yugto	Mga Natugunang Prayoridad	Inirerekomandang Sektor ng Merkado/Uri ng Kustomer
<p>Maikling Panahon</p> 		

## Paglalarawan

Ang mga programa ng grant ay nagbibigay ng tulong pinansiyal mula sa SDCP sa mga organisasyon sa komunidad at mga ahensya ng miyembro upang maisakatuparan ang mga proyekto sa malinis na enerhiya o mga ideyang programa. Ang mga aplikante ay kailangang magsumite ng isang panukala na naglalarawan ng kanilang proyekto o inisyatibo at kung paano ito makakatugon sa mga layunin at adhikain ng programa.

## Mga Benepisyo

Ang mga programa ng grant ay maaaring magdulot ng maraming benepisyo para sa SDCP at ang mga komunidad na pinagsisilbihan nito, tulad ng:

- Nagbibigay ng mapagkukunan ng pondo sa mga organisasyon sa komunidad at ahensya ng miyembro na maaaring hindi magkaroon ng mga pinansiyal na kakayahan na maisakatuparan ang mga proyektong makabago.
- Nagpapalakas at nagbibigay ng suporta sa mga malikhain na ideya na hindi magagawa sa pamamagitan ng tradisyonal na mapagkukunan ng pondo.
- Nagpapalikha ng mga oportunidad sa pagtitiwala at pagpapalakas ng ugnayan sa pagitan ng SDCP, ang mga ahensya ng miyembro nito, at mga organisasyon sa komunidad.
- Nagpapalawak ng kaalaman ng mga komunidad na pinagsisilbihan ng SDCP tungkol sa mga programa at layunin nito.
- Nakatutulong sa pagkamit ng mga layunin ng SDCP at ng mga ahensya ng miyembro nito tungkol sa kalikasan sa pamamagitan ng pagtitiyak na ang mga programa ng grant ay nakapokus sa pagtataguyod ng malinis na enerhiya, pagbawas ng mga carbon emissions, at pagtitiyak ng lokal na kaunlaran sa ekonomiya.

## Mga Konsiderasyon sa Disenyo

Dapat isaalang-alang ng SDCP ang paglikha ng mga programa ng grant upang suportahan ang mga organisasyong pangkomunidad at mga ahensya ng miyembro nito. Maaaring magbigay ang SDCP ng mga grant sa komunidad na nakatuon sa pagtugon sa mga pangunahing prayoridad na narinig sa panahon ng proseso ng pakikipag-ugnayan sa komunidad para sa Plan at magbigay ng mga grant sa mga ahensya ng miyembro upang suportahan ang mga pang-rehiyong layunin sa aksyon sa klima. Dapat isaalang-alang ng SDCP ang pakikipagtulungan sa mga mapagkakatiwalaang at napatunayang mga organisasyong rehiyonal upang mapadali ang pagbuo at pagpapatupad ng mga programa ng grant habang pinapagaan ang pasanin sa administrasyon ng staff.

## Mga Konsiderasyon sa Pagpopondo

Dapat isaalang-alang ng SDCP ang paggamit ng internal revenues upang mapabilis ang pagsisimula ng mga programa at mapadali ang proseso ng pamamahala ng pondo sa mga organisasyon sa komunidad at/ o ahensya ng miyembro. Maaring maglaan ng pondo mula sa philanthropic funding para sa mga programa sa grant, lalo na kung ang SDCP ay nagbibigay ng internal revenues bilang tugma. Dapat isaalang-alang ng SDCP ang pakikipagtulungan sa mga rehiyonal na entidad upang mapalawak ang epekto ng mga programa sa grant.

# Uri ng Programa 6: Pagpapakuryente ng Gusali: Mga De-kuryenteng Kasangkapan (Appliances)

Yugto	Mga Natugunang Prayoridad	Inirerekomandang Sektor ng Merkado/Uri ng Kustomer
 <p><b>Katamtamang Haba ng Panahon</b></p>		

## Paglalarawan

Hinihikayat ng mga programa sa pagpapakuryente ng appliance ang paggamit ng mga de-kuryenteng kasangkapan, tulad ng mga de-kuryenteng kalan at mga de-kuryenteng pantuyo ng damit, upang makamit ang pagpapakuryente ng gusali.

## Mga Benepisyo

Ang pagkombert ng appliances mula sa likas na gas papunta sa de-kuryente ay nakakatulong na mabawasan ang pagkakaasa sa fossil fuel at nagbibigay ng mas ligtas na kapaligiran sa pagluluto dahil sa kawalan ng bukas na apoy. Ang paglipat sa isang de-kuryenteng kalan o cooktop mula sa likas na gas ay maaaring makabuluhang makapagpabuti sa panloob na kalidad ng hangin dahil ang likas na gas na appliances ay naglalabas ng mga nakakapinsalang pollutant. Ang pagluluto sa de-gas na kalan ay inilalantad ang milyon-milyong tao sa California sa mga antas ng polusyon na magiging iligal sa mga panlabas na lugar (Environmental Health Perspectives, Enero 2014).

Gumagana ang mga induction na kalan sa pamamagitan ng paglikha ng init sa loob lamang ng katugmang lutuan na ginagawang mas ligtas ang mga ito dahil sa kakulangan ng bukas na apoy o mainit na ibabaw/mga burner. Ang mga induction na kalan ay napakatipid at nagbibigay ng mas mahusay na kontrol sa temperatura kaysa sa tradisyonal na mga de-kuryenteng kalan at karibal na de-gas na kalan.

Ang mga de-kuryenteng heat pump na pantuyo ng damit ay nangangailangan ng mas kaunting pagmementena kaysa sa mga de-gas na pantuyo ng damit, na nagbibigay ng pagtitipid sa gastos sa kanilang buong itatagal. Maaari nilang bawasan ang dami ng enerhiyang ginagamit ng hanggang 30% kapag ikinumpara sa tradisyonal na de-kuryenteng pantuyo. Bukod pa rito, dahil sa kanilang mahusay na disenyo, ang mga heat pump na pantuyo para sa mga damit ay hindi kailangang pasingawan na nakakabawas sa mga gastos sa instalasyon

## Mga Konsiderasyon sa Disenyo

Ang paglipat sa mga de-kuryenteng kalan ay maaaring maging isang malaking pagbabago para sa mga taong sanay na magluto gamit ang likas na gas na mga kalan. Dapat ikonsidera ng SDCP ang pagbibigay ng edukasyon at pag-abot, kabilang ang mga demonstrasyon, upang ipaalam sa mga residente ng mga bahay na solong-pamilya at maraming pamilyang tahanan, at mga may-ari/nagtataguyod ng mga gusali ang mga negatibong epekto sa kalusugan ng mga de-gas na kalan, ang mga benepisyo sa pagganap at kaligtasan ng de-kuryenteng induction na pagluluto, at ang pagkakabagay ng induction na lutuan. Dapat ding ikonsidera ng SDCP ang pagbibigay ng mga gift card o iba pang mga insentibo para sa lutuan na bumabagay sa induction upang makatulong na mabawi ang mga gastos.

Maraming gusali ang mangangailangan ng mga pag-upgrade ng electrical panel upang mapaunlakan ang mga de-kuryenteng appliances, na maaaring mangailangan ng pag-upa ng mga elektrisyan para sa pag-instala. Kung kailangan ang pag-upgrade ng panel na gagawin ng isang elektrisyan, tataas ang kabuuang gastos ng proyekto. Dapat ikonsidera ng SDCP ang pag-aalok ng mga insentibo para sa mga upgrade ng panel kasama ng mga programa sa pagpapakuryente ng appliance. Para sa mga Pinagtutuunang Komunidad at iba pang mga kustomer na kuwalipikado

sa kita na may limitadong akses sa financing, ang direktang pag-instala, o paunang insentibo ay inirerekomenda kaysa sa mga rebate.

### **Mga Konsiderasyon sa Pagpopondo**

Dapat ikonsidera ng SDCP ang paggamit ng mga panloob na kita para pondohan ang pagpapakuryente ng appliance at mga programang insentibo sa pag-upgrade ng panel. Dapat ding isaalang-alang ang pagbibigay ng karagdagang insentibo na maaaring magdagdag o punan ang mga kakulangan ng programa ng TECH Clean California at ng mga Rebates para sa Pagpapakuryente ng Bahay at Appliances na pangangasiwaan ng Komisyon sa Enerhiya ng California (California Energy Commission – CEC na kilala sa tawag na Ingles).

# Uri ng Programa 7: Pagpapakuryente ng Gusali: Teknolohiya ng Heat Pump

Yugto	Mga Natugunang Prayoridad	Inirekomendang Sektor ng Merkado/Uri ng Kustomer
 <b>Katamtamang Haba ng Panahon</b>		

## Description

Paglalarawan

Hinihikayat ng mga programa sa teknolohiya ng heat pump ang pag-instala ng mga de-kuryenteng heat pump para sa pagpapainit ng espasyo, pagpapalamig, at pagpapainit ng tubig sa mga gusali.

## Mga Benepisyo

Ang kombersyon sa teknolohiya ng heat pump ay sinusupportahan ang mga gusali na maging mas mahusay, mas malinis, mas malusog, at mas ligtas. Mas mahusay ang teknolohiya ng heat pump kaysa sa mga katapat nitong mga likas na gas at iniwasan nito ang onsite na paggamit ng likas na gas, na siyang responsable para sa karamihan ng mga emisyon ng gusali at maaaring magdulot ng mga negatibong epekto sa kalusugan dahil sa polusyon ng panloob na hangin. Hindi tulad ng mga tradisyonal na sistema ng pagpapainit, ang teknolohiya ng heat pump ay maaaring magbigay ng pagpapainit at pagpapalamig ng espasyo mula sa parehong sistema, na maaaring magpababa ng mga gastos kumpara sa pag-instala ng mga hiwalay na sistema. Maaaring makinabang ang mas mga lumang tahanan sa teknolohiya ng heat pump lalo na't maaari nitong maipakilala ang hindi kapani-paniwalang katipiran sa kapasidad ng pagpapalamig na hindi pangkaraniwan—isang kritikal na serbisyo para sa maraming residente sa isang nagbabago at mas maiinit na klima. Ang paglipat sa isang heat pump na pampainit ng tubig ay inaalis ang karagdagang pinagmumulan ng polusyon lalo na kapag ito ay matatagpuan sa loob ng bahay at mahusay na makakapagpainit ng tubig.

Para paganahin ang pag-instala ng teknolohiya ng heat pump, maaaring kailanganin ang mga pag-upgrade ng panel ng kuryente para sa mga gusaling luma na o mga pigil nang mga panel ng kuryente. Bagama't walang direktang benepisyo sa kapaligiran o kalusugan ang mga upgrade ng panel, ang mga lumang panel ay isang hadlang para sa pagpapakuryente para sa maraming proyekto, dahil ang kanilang gastos ay maaaring makapagpataas nang malaki sa mga gastos ng proyekto na maaaring hindi saklaw ng iba pang mga programa ng insentibo.

## Mga Konsiderasyon sa Disenyo

Dapat ikonsidera ng SDCP ang pagsuporta sa mga pag-upgrade ng panel ng kuryente bilang karagdagan sa instalasyon ng teknolohiya ng heat pump. Ang SDCP, tulad ng iba pang CCA, ay dapat ding ikonsidera ang mga kinakailangan ng smart control upang paganahin ang pagtugon sa pangangailangan dahil ang teknolohiya ng heat pump ay maaaring kontrolin upang maoptimisa kapag ginamit ito para makatipid ng enerhiya at mapababa ang gastos.

Para suportahan ang mga kustomer na kuwalipikado sa kita at ang abot-kayang pabahay para sa maramihang pamilya, na maaaring may mga hamon sa pag-akses sa paunang kapital at may limitadong kapasidad sa pagsasaliksik at pagpapatupad ng mga proyekto, dapat ikonsidera ng SDCP ang mga direktang programa sa instalasyon. Ang mga sektor na ito ay kadalasang may limitadong daloy ng salapi at kumplikadong mga istruktura ng pagmamay-ari na nagpapahirap sa pag-akses ng kapital sa pamamagitan ng mga pautang, na maaaring magresulta sa mga backlog sa pagmementena na kailangang mangyari bago ang pag-retrofit ng enerhiya. Bilang resulta, hindi makapagpapatupad ang mga ito ng mga programa sa malinis na enerhiya nang walang malaking suportang pinansyal at tulong teknikal. Dapat ikonsidera ng SDCP na ang mga residente ng mga

gusaling ito ay maaaring sobrang nahihirapan sa mga gastos sa upa at utility at sa huli ay maaaring mawalan ng tirahan kung tataas ang mga gastos sa pabahay dahil sa pagpapakuryente. Dahil sa pagiging mahirap ng mga naninirahan, ang mga programa ay dapat ding isama ang proteksyon para sa mga nangungupahan. Maaaring mangailangan ang SDCP na makipagtulungan nang malapitan sa mga lokal na kagawaran ng pabahay o iba pang mga ahensya upang matiyak na ang mga Pinagtutuunang Komunidad ay suportado sa paglilipat.

Ang isang karaniwang hadlang sa panahon ng disenyo ng programa ay ang kakulangan ng bihasang paggawa at kagamitan na dinadala ng mga kontratista. Kapag nabigo ang mga lumang sistema at kailangang palitan, ang mga may-ari ng gusaling tirahan ay karaniwang hindi makapaghihintay para sa mga kontratista na umorder ng bagong kagamitan. Ang mga direktang programa sa instalasyon na umiikot sa paligid ng katipiran at pagbabakasakali ay tradisyonal na gumagamit ng mga kasanayan na nasa antas ng baguhan (entry-level), samantalang ang pag-instala ng teknolohiya ng heat pump ay nangangailangan ng mas higit pang kabihasaan sa paggawa, kabilang ang mga elektrisyan, teknisyan sa pagpapainit at bentilasyon, at tubero. Dapat ikonsidera ng SDCP ang pagbibigay ng pagsasanay sa kontratista at mga insentibo sa kalagitnaan ng paggawa upang malaman ng mga kontratista kung paano tamang iinstala ang mga heat pump, magkaroon ng handa nang magamit na heat pump, at mag-alok ng kumpetitibong pagpepresyo.

### **Mga Konsiderasyon sa Pagpopondo**

Ang isang pangunahing mapagkukunan ng pagpopondo ng estado para sa teknolohiya ng heat pump ay ang programang TECH Clean California. Dapat isaalang-alang ng SDCP ang pagpapakinabang sa programang ito upang magbigay ng mga karagdagang naisasaayos na insentibo. Sa pagdaloy ng pondo mula sa Inflation Reduction Act sa pamamagitan ng Greenhouse Gas Reduction Fund ng Environmental Protection Agency at Environmental and Climate Justice Block Grants, dapat ikonsidera ng SDCP ang pakikipagtulungan sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad at mga ahensya sa rehiyon upang mag-apply para sa pagpopondo na tinatarget ang kombersyon sa teknolohiya ng heat pump. Dapat ding bantayan ng SDCP kung paano ang mapapangasiwaan at ipapatupad ng CEC ang pondo mula sa Pagpapakuryente ng Bahay at mga Rebate sa Appliances.

# Uri ng Programa 8: Mga Mapagkukunan ng Naipapamahaging Enerhiya: Mga Sistema sa Pag-iimbak ng Enerhiya

Yugto	Mga Natugunang Prayoridad	Inirerekomandang Sektor ng Merkado/Uri ng Kustomer
 <b>Katamtamang Haba ng Panahon</b>		

## Paglalarawan

Sinusuportahan ng mga programa ng sistema sa pag-iimbak ng enerhiya ang instalasyon ng mga sistema sa pag-iimbak ng enerhiya sa mismong lugar na ipapares sa mga mapagkukunan ng nababagong enerhiya (tulad, onsite solar ).

## Mga Benepisyo

Habang ang dami ng solar na magagamit sa grid ay tumataas nang husto sa California, hindi ito sapat na nakukuha sa mga oras ng mataas na produksyon nang sa gayon ay magagamit ito para tugunan ang mga pangangailangan kapag hindi magagamit ang mga mapagkukunan ng nababagong enerhiya. Nagsasanhi ito ng kawalan ng balanse—sobrang enerhiya sa grid paminsan-minsan at hindi sapat para sa iba, na nangangailangan ng mga mapagkukunan ng kuryente na nakabatay sa fossil fuel para mapunan ang kakulangan. Ang pagdadagdag sa dami ng imbakan ng enerhiya na ipinares sa paggawa ng nababagong enerhiya ay nakakatulong na gawing mas malinis ang grid ng kuryente. Ang pag-iimbak ng enerhiya ay maaaring makatulong upang mapataas ang katatagan ng grid sa pamamagitan ng pagbabalanse sa supply at demand at maaari ding gamitin para sa backup na kuryente sa panahon ng mga pagkawala ng kuryente o emerhensiya. Maaari itong maging lalong kapaki-pakinabang para sa mga kritikal na pasilidad, hub ng katatagan ng komunidad, at para sa mga kustomer na kailangang palaging may magagamit na kuryente para sa mga medikal na aparato, kaligtasan, o pagtugon sa emerhensiya.

## Mga Konsiderasyon sa Disenyo

Umiiral ang maramihang landas ng programa upang suportahan ang pag-unlad ng merkado sa pag-iimbak ng enerhiya, depende sa antas ng mga mapagkukunan na magagamit. Halimbawa, dapat na makipagtulungan ang SDCP sa mga lokal na pamahalaan o iba pa upang ipatupad nang malawakan ang mga sistema sa pag-iimbak ng enerhiya sa mga kritikal na pasilidad o mga hub ng katatagan ng komunidad sa mga paraan na nagbibigay-daan sa bultuhang pagbili ng mga baterya at kontrol, kabilang ang mga microgrid. Ang SDCP ay dapat ding magbigay ng teknikal na suporta sa mga kustomer para mapagana ang mga komprehensibong retrofit ng enerhiya, kabilang ang mga sistema sa pag-iimbak ng enerhiya.

## Mga Konsiderasyon sa Pagpopondo

Dapat ikonsidera ng SDCP ang pag-aalok ng mga insentibo na isasaayos sa ibabaw ng iba pang mapagkukunan ng pagpopondo sa pag-iimbak ng enerhiya katulad ng Self-Generation Incentive Program (SGIP na kilala sa tawag na Ingles) na tulad ng ginawa ng iba pang CCA. Bukod pa rito, dapat ding ikonsidera ng SDCP ang malikhaing financing upang maidugtong ang agwat sa mga timeline at kakumplikaduhan ng pagpoproseso ng SGIP sa pamamagitan ng pagbibigay ng paunang insentibo sa halip na atasan ang mga kalahok na maghintay para sa isang rebate. Maaaring bigyang-prayoridad ang mga panloob na kita para sa mga programa sa pagpapaunlad sa merkado ng sistema sa pag-iimbak ng enerhiya dahil sa potensyal na maramihang benepisyo ng organisasyon at komunidad.

# Uri ng Programa 9: Mga Mapagkukunan ng Naipapamahaging Enerhiya: Pagtugon sa Pangangailangan

Yugto	Mga Natugunang Prayoridad	Inirerekomandang Sektor ng Merkado/Uri ng Kustomer
 <p>Katamtamang Haba ng Panahon</p>		

## Paglalarawan

Ang mga programa sa pagtugon sa pangangailangan ay nagbibigay-insentibo sa mga kustomer para bawasan ang kanilang paggamit ng kuryente kapag ang pangangailangan ng enerhiya sa grid ay nasa pinakaabalang oras. Ang mga uri ng mga programang ito ay maaaring manghikayat ng mga pagbabago sa pag-uugali para ilipat o bawasan ang paggamit o maaaring mapakinabangan ng mga smart device upang awtomatikong gawin ang ninanais ang aksyon.

## Mga Benepisyo

Ang dekarbonisasyon ng mga gusali ay nangangailangan ng higit pa kaysa sa pagbabawas lang sa dami ng enerhiyang ginagamit; nangangailangan ito ng pagbabago sa oras kung kailan ginagamit ang enerhiya upang malubos ang paggamit ng nababagong enerhiya at malubos ang pangangailangan sa pinakaabalang oras kapag ang grid ay nangangailangan ng mas malaking paggawa ng fossil-fuel na darating online. Ang mga teknolohiya sa pagtugon sa pangangailangan ay nagbibigay-daan sa paglipat na ito kapag ang enerhiya ay ginagamit, na tumutulong sa mga kustomer na kontrolin ang mga gastos, at paglubos sa pinakamahasag na paggamit ng nababagong enerhiya kapag ito ay makukuha. Ang mga teknolohiya sa pagtugon sa pangangailangan ay maaari ding paganahin ang mga gusali para tumulong buuin ang pangkalahatang katatagan ng grid sa pamamagitan ng pagtulong sa mga operator na maglipat ng mga gawain sa mga oras na pinakaabala, binabawasan ang posibilidad ng pagkawala ng kuryente sa panahon ng matitinding init.

## Mga Konsiderasyon sa Disenyo

May puwang sa paligid ng suporta para sa instalasyon ng mga smart control sa iba pang mga system, gaya ng teknolohiya ng heat pump, mga pangkarga ng de-kuryenteng sasakyan, at mga sistema sa pag-iimbak ng enerhiya. Maraming CCA ang nangangailangan o hinihikayat ang kagamitan na kanilang binibigyang-insentibo upang magkaroon ng mga kakayahan sa pagtugon sa pangangailangan. Dapat iatas ng SDCP na ang mga kagamitan na binibigyang-insentibo ay ma-grid nang interaktibo. Sa pagtatatag ng mga kinakailangan sa teknolohiya sa iba pang mga programa, maaaring ibigay ng SDCP ang pinakamatibay sa hinaharap at pleksibilidad upang bigyang-daan ang mga kustomer na lumahok sa mga programa ng pagtugon sa pangangailangan.

## Mga Konsiderasyon sa Pagpopondo

Dahil ang mga programa ng pagtugon sa pangangailangan ay may potensyal na bawasan ang dami ng enerhiya na kailangan ng SDCP para kumuha o magdala ng halaga sa mga serbisyo ng kuryente ng SDCP sa iba pang mga paraan (tulad ng, kasapatan ng mapagkukunan), dapat ikonsidera ng SDCP ang pagpopondo sa mga programang ito sa pamamagitan ng mga panloob na kita. Dapat subaybayan ng SDCP ang pagpapaunlad sa programa ng Demand Side Grid Support at iba pang nauugnay na mga programa sa pagtugon sa pangangailangan na makukuha mula sa California Energy Commission at California Public Utilities Commission.



# Uri ng Programa 10: Katipiran sa Enerhiya

Yugto	Mga Natugunang Prayoridad	Inirerekomandang Sektor ng Merkado/Uri ng Kustomer
 <p><b>Katamtamang Habang Panahon</b></p>		

## Paglalarawan

Ang mga programa sa katipiran sa enerhiya ay nagtataguyod ng malawak na hanay ng mga estratehiya na maaaring bawasan ang dami ng paggamit sa enerhiya ng mga gusali.

## Mga Benepisyo

Ang katipiran sa enerhiya ay isang kritikal na estratehiya ng dekarbonisasyon na may maraming kapwa benepisyo: nabawasang pangangailangan sa enerhiya, nabawasang mga singilin sa enerhiya ng kustomer, nadagdagang kalidad ng panloob na hangin, at nadagdagang kaginhawaan sa loob ng bahay. Ang mga pagsusumikap sa weatherization, kabilang ang insulasyon, pinahusay na mga bintana at pinto, at mga malalamig na bubong ay maaaring makatulong na panatilihin mas matagal na ligtas at komportable ang panloob na kapaligiran kapag nawalan ng kuryente—at ang mas kaunting pangangailangan sa enerhiya ay nangangahulugan na ang mga kustomer ay maaaring mag-instala ng mas maliliit na mga sistema sa paggawa ng nababagong enerhiya (tulad ng., onsite solar) na humahantong sa mas mababang gastos sa pag-instala.

## Mga Konsiderasyon sa Disenyo

Dahil sa nag-aalok ang SDG&E ng portfolio ng programa sa katipiran sa enerhiya sa maraming taon, ang dapat bumuo ng mga komplimentaryong programa ang SDCP na pupuno sa mga puwang at maiwasan ang pagkopya. Dapat ikonsidera ng SDCP ang mga oportunidad na magbigay ng libre o murang mga upgrade sa katipiran sa enerhiya para sa mga kustomer na kuwalipikado sa kita at mga residente sa mga Pinagtutuunang Komunidad upang maging mapagtugon sa mga prayoridad ng komunidad. Ang mga programa sa katipiran sa enerhiya para sa mga gusaling may maraming pamilya ay maaaring makatulong na punan ang isang puwang, dahil sa ang mga gusaling ito ay kadalasang may mga kumplikadong istruktura ng pagmamay-ari at iba pang mga hadlang na nagpapahirap sa pag-akses sa mga tradisyonal na programa; ito ay lalong kapansin-pansin para sa abot-kayang pabahay ng maramihang pamilya.

Dapat ikonsidera ng SDCP na ang mga residente ng mga hindi mahusay na gusali ay maaaring nahihirapan sa mga gastos sa upa at utility at sa huli ay maaaring mawalan ng tirahan kung tataas ang mga gastos sa pabahay dahil sa mga upgrade sa katipiran sa enerhiya. Dahil sa kahinaan ng mga naninirahan at ang kahalagahan ng pananatili ng mga tao sa bahay, ang mga programa sa katipiran sa enerhiya ay dapat isama ang proteksyon para sa mga nangungupahan. Maaaring kailanganin nito ang SDCP na makipagtulungan nang malapitan sa mga lokal na kagawaran ng pabahay o iba pang ahensya. Bagama't mapaghamon, makakatulong ang mga konsiderasyong ito sa pagsuporta sa mga Pinagtutuunang Komunidad.

## Mga Konsiderasyon sa Pagpopondo

Dahil hindi kuwalipikado ang SDCP na makatanggap ng pagpopondo sa katipiran sa enerhiya sa pamamagitan ng Elect to Administer pathway, limitado ang SDCP sa oportunidad nito na maakses ang mga pondo sa katipiran sa enerhiya mula sa California Public Utilities Commission sa pamamagitan ng mga pondo ng Public Purpose Program Surcharge. Gayunpaman, bilang isa sa mga huling rehiyon sa Estado na walang Regional Energy Network, dapat ipagpatuloy ng SDCP ang paggalugad nito sa pagbuo ng isa. Ang mga programa mula sa isang REN ay magpupuno sa mga puwang sa mga kasalukuyang programa ng katipiran sa enerhiya sa pamamagitan ng pagsisilbi sa mga mahirap maabot na kustomer at hindi kakailanganing matugunan ang mga mahihigpit na hangganan sa katipiran.

# Uri ng Programa 11: Pagpapakuryente ng Transportasyon: Imprastruktura

Yugto	Mga Natugunang Prayoridad	Inirekomendang Sektor ng Merkado/Uri ng Kustomer
 <p><b>Katamtamang Habang Panahon</b></p>		

## Paglalarawan

Sinusuportahan ng mga programa sa imprastruktura ng pagpapakuryente ng transportasyon ang paggamit ng mga istasyon ng pagkarga ng de-kuryenteng sasakyan at mga kaugnay na teknolohiya (halimbawa, Vehicle-to-Grid) upang paganahin ang magagaan, katamtaman, at mabibigat na pagpapakuryente ng transportasyon.

## Mga Benepisyo

Ang pagpapalawak sa network ng pagpapakarga ng de-kuryenteng sasakyan ay kailangan upang suportahan ang paglilipat ng mga kustomer mula sa mga kotseng pinapatakbo ng fossil-fuel, na nauugnay sa parehong emisyon ng karbon at lokal na polusyon sa hangin. Ang pagdadagdag ng akses sa imprastruktura sa pagkakarga ay maaaring magpataas ng kumpiyansa ng kustomer na gawin ang paglilipat sa mga de-kuryenteng sasakyan, lalo na para sa mga residente ng mga gusali ng maramihang pamilya at sa mga kanayunang lugar, gaya ng itinala sa panahon ng pagtatasa sa mga pangangailangan ng komunidad.

## Mga Konsiderasyon sa Disenyo

Dapat magpokus ang SDCP sa mga programa sa imprastruktura ng pagpapakuryente ng transportasyon sa mga lokasyon kung saan kasalukuyan ay hindi binibigyang-prayoridad ng pribadong sektor ang pag-unlad (halimbawa, mga heyograpikong lugar o sektor ng pamilihan). Ang mga puwang sa pag-akses sa imprastruktura sa pagkakarga ng de-kuryenteng sasakyan ay maaaring punan sa pamamagitan ng mga estratehiya tulad ng direktang pag-instala ng kagamitan para sa mga gusaling may maraming pamilya na matatagpuan sa mga Pinagtutuunang Komunidad. Sa ilang mga kaso, ang SDCP ay dapat magbigay ng karagdagang pondo sa mga residente upang mapunan ang mga kasalukuyang pondo mula sa mga programang insentibo para sa lahat ng aplikante o ilang sektor (halimbawa, Mga Pinagtutuunang Komunidad). Dahil sa pagkakaroon ng malaking pagpopondo para sa pampublikong imprastruktura sa pagkakarga, dapat na makipagsosyo ang SDCP sa mga miyembrong ahensya upang mapalawak ang pampublikong akses sa imprastruktura ng pagkakarga sa mga lokasyong hindi naseserbisuhan ng pampublikong pagkakarga at/o maaaring mapagsilbihan ang mga residente ng mga gusaling may maramihang pamilya. Ang mga malikhaing pamamaraan para sa paggamit ng imprastruktura sa pagkakarga sa lupang pag-aari ng miyembrong ahensya ay maaaring lumikha ng mga benepisyo (halimbawa, mas mababang gastos sa pagsingil at nadagdagang lokasyon ng pagkakarga) kumpara sa imprastruktura sa pagkakarga na nasa mga komersyal na ari-arian. Dapat ding ikonsidera ng SDCP ang pag-aalok ng teknikal na tulong at mga insentibo para sa komersyal na imprastruktura sa pagkakarga upang suportahan ang paglilipat sa de-kuryente ng mga katamtaman at mabibigat na sasakyan.

## Mga Konsiderasyon sa Pagpopondo

Naglagay ng makabuluhang pagpopokus ang mga ahensya ng estado at pederal sa pagpapakuryente ng transportasyon, na lumilikha ng maraming oportunidad para sa SDCP na maghanap ng mga programang insentibo sa panlabas na imprastraktura. Ang pagpopondo ng California Public Utilities Commission Locally Invested Transportation Equity ay nag-aalok ng pagkakataong subukan ang mga makabagong disenyo ng programa na may pagtuon sa mga pakikipagtulungan sa komunidad. Ang California Energy Commission ay inaasahang magbibigay ng mga karagdagang oportunidad para sa malikhaing disenyo ng insentibo at paghahatid sa pamamagitan ng panghinaharap na pagpopondo ng Vehicle-to-Grid at ang programang Electric Program Investment Charge.

Dapat na ipagpatuloy ng SDCP ang pakikipagtulungan sa San Diego Association of Governments at San Diego County Air Pollution Control District sa pamamagitan ng pangrehiyong Accelerate to Zero Emissions Collaboration at sa kanilang pagsisikap na mabigyang-insentibo ang imprastraktura sa pagkakarga. Panghuli, maaaring suportahan ng SDCP ang mga miyembrong ahensya sa mga pagsisikap nito na humanap ng pagpopondo gaya ng sa pamamagitan ng programang Clean Mobility Options.

# Uri ng Programa 12: Pagpapakuryente ng Transportasyon: Magagaang Sasakyan

Yugto	Mga Natugunang Prayoridad	Inirekomendang Sektor ng Merkado/Uri ng Kustomer
 <p>Katamtamang Haba ng Panahon</p>		

## Paglalarawan

Sinusuportahan ng mga programa sa pagpapakuryente ng magagaang sasakyan ang mga kustomer sa paglilipat mula sa mga kotseng pinapagana ng fossil-fuel patungo sa mga de-kuryenteng sasakyan. Kabilang sa mga halimbawa ng magagaang sasakyan ay ang mga sedan, sport utility vehicle, at pick-up trak.

## Mga Benepisyo

Ang paglilipat mula sa mga kotseng pinapagana ng fossil-fuel patungo sa mga de-kuryenteng sasakyan ay may dalawahang benepisyo sa lokal na pagbabawas ng mga emisyon ng karbon at polusyon sa hangin. Kumpara sa magagaang kotse na pinapagana ng fossil-fuel, ang mga magagaan na de-kuryenteng sasakyan ay mas madaling imentena at may pangkalahatang na mas mababang gastos sa pagpapakatabo panghabambuhay. Gamit ang tamang rate ng istraktura at teknolohiya, ang mga de-kuryenteng sasakyan ay nagpepresenta rin ng oportunidad na magsilbi bilang mga sistema ng pag-iimbak ng enerhiya at tumutulong sa katatagan ng grid.

## Mga Konsiderasyon sa Disenyo

Dapat bigyang-prayoridad ng SDCP ang pagpapalawig ng akses sa mga de-kuryenteng sasakyan para sa mga kustomer na kuwalipikado sa kita, tulad ng pag-aalok ng mga insentibo para sa mga nagamit nang de-kuryenteng sasakyan para mas lalong maging abot-kaya. Ang mga dating naupahang de-kuryenteng sasakyan ay maaaring maging magandang opsyon para sa mga nagamit nang de-kuryenteng sasakyan kung nasa mabuting kondisyon ang mga ito. Dapat ikonsidera ng SDCP ang pakikipagtulungan sa mga dealership ng kotse upang makapag-alok ng mga point-of-sale na insentibo sa mga nagamit nang de-kuryenteng sasakyan. SDCP dapat iwasan ang pagbibigay ng mga rebate pagkatapos ng bentahan dahil nangangailangan ito na ang mga kustomer ay may paunang kapital at kakayahang maghintay para sa rebate. Bilang karagdagan, dapat magpokus ang SDCP sa pagbawas ng iba pang mga hadlang sa paggamit ng mga de-kuryenteng sasakyan tulad ng pagbibigay ng mga paborableng opsyon sa financing. Ang mga programa ng de-kuryenteng sasakyan ay maaaring ipares sa suporta ng imprastraktura sa pagkakarga sa mga Pinagtutuunang Komunidad.

Panghuli, dapat ikonsidera ng SDCP ang pagdidisenyo ng mga programa na nagbabawas sa iba pang mga hadlang sa paggamit ng de-kuryenteng sasakyan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga point-of-sale na insentibo o iba pang uri ng paunang tulong sa halip na mga rebate pagkatapos ng bentahan. Dapat ding ikonsidera ng SDCP kung paano pinakamahusay na punan ang puwang para sa mga opsyon sa financing ng mga kustomer na kuwalipikado sa kita. Mahalagang tandaan na ang mga insentibo sa punto-de-benta ay maaaring mas mahirap ipatupad at kailangan ng karagdagang trabaho ng SDCP upang suportahan ang ganitong uri ng mekanismo ng paghahatid.

## Mga Konsiderasyon sa Pagpopondo

Ang mga panloob na kita ay maaaring kailanganin upang lumikha ng mga insentibo na isasaayos sa itaas ng magagamit na pagpopondo ng estado para sa paggamit ng mga de-kuryenteng sasakyan (halimbawa, Clean Vehicle Rebate Project at Clean Vehicle Assistance Program) o ang panghinaharap na panrehiyong vehicle-scrap program (halimbawa, Clean Cars 4 All). Tulad ng mga programa sa imprastraktura ng pagpapakuryente ng transportasyon, ang inisyatiba ng pangrehiyong Accelerate to Zero Emissions Collaboration ay magiging kabilang sa lahat ng aspekto ng pagdadala ng pagpopondo sa rehiyon, kapwa para sa SDCP na potensyal na maakses para sa mga programang pinangangasiwaan ng sarili at para maakses ng mga kustomer nito sa pamamagitan ng mga programa ng ikatlong partido.

# Uri ng Programa 13: Pagpapakuryente ng Transportasyon: Katamtaman at Mabibigat na Sasakyan

Yugto	Mga Natugunang Prayoridad	Inirerekomandang Sektor ng Merkado/Uri ng Kustomer
 <p>Katamtamang Habang Panahon</p>		

## Paglalarawan

Hinihikayat ng mga programa sa pagpapakuryente ng katamtaman at mabibigat na sasakyan ang paglilipat palayo sa mga komersyal na sasakyan na pinapagana ng fossil-fuel patungo sa mga de-kuryenteng alternatibo. Kasama sa mga halimbawa ng mga katamtaman at mabibigat na sasakyan ay ang mga delivery at shuttle van (class 2-6), mga diesel na shipping truck (class 7-8), mga school at pangbiyaheng bus, mga transport refrigeration na trak, mga trak ng drayage, at mga forklift.

## Mga Benepisyo

Ang pagpapakuryente ng mga katamtaman at mabibigat na sasakyan ay nagpapababa ng mga emisyon ng karbon at lokal na polusyon sa hangin. Tila mas mataas ang polusyon sa hangin sa paligid ng mga puwerto at mga koridor ng logistiks, kung saan ang mga mabibigat na komersyal na sasakyan ay regular na naglalakbay at madalas na gumugugol ng oras sa kawalang-ginagawa. Ito rin ang mga lugar kung saan makikita ang malalaking bahagi ng mga Pinagtutuunang Komunidad, na humahantong sa hindi pantay na epekto sa kalusugan ng mga komunidad na ito. Ang paglilipat ng mga sasakyang ito ay may karagdagang benepisyo din ng pagbabawas sa polusyon ng ingay.

## Mga Konsiderasyon sa Disenyo

Dapat suriin ng SDCP kung aling mga pangkat ng katamtaman at mabibigat na sasakyan ang may pinakamataas na epekto sa mga Pinagtutuunang Komunidad. Ang Puwerto ng San Diego ay isang malinaw na kaakibat dahil sa lokasyon nito, mga operasyon ng negosyo, at kamakailang direksyon ng patakaran sa Maritime Clean Air Strategy. Sa pakikipagtulungan sa mga ahensya ng transportasyon, mga distrito ng paaralan, at mga pampublikong ahensya, maaaring suportahan ng SDCP ang paglilipat ng mga pangkat na nagsisilbi sa publiko upang lumikha ng kapwa-benepisyo na ilantad nang higit pa ang publiko sa de-kuryenteng transportasyon. Dapat ding lumikha ang SDCP ng mga programa sa pagpapakuryente ng katamtaman at mabibigat na sasakyan na nagta-target sa mga negosyong nagpapatakbo ng kanilang mga pangkat pangunahin sa mga Pinagtutuunang Komunidad. Bagama't ang ilang uri ng katamtamang de-kuryenteng sasakyan ay mapagkumpitensya na sa gastos ngayon, ang iba ay higit na mas mahal at mangangailangan ng mas maraming suporta at mapagkukunan para mailipat. Bilang karagdagan, dahil ang mga katamtaman at mabibigat na sasakyan ay nag-iiba-iba sa nabibiyaheng layo sa bawat karga nito, dapat makipagtulungan ang SDCP sa mga komersyal na kustomer upang matukoy kung aling mga opsyon sa sasakyan ang gagana nang maayos batay sa kanilang partikular na pangangailangan, mga pattern ng pagbiyahe, at mga merkadong pinagsisilbihan. Kailangan ding ikonsidera ng SDCP ang pangangailangan para sa naaangkop na imprastraktura sa pagkakarga upang masuportahan ang kombersyon.

## Mga Konsiderasyon sa Pagpopondo

Dapat ikonsidera ng SDCP ang pakikipagtulungan sa mga kustomer upang magpatupad ng mga makabagong modelo ng negosyo na nagpapababa sa gastos ng mga sasakyan. Dapat din nitong ikonsidera ang paggamit ng panloob na pagpopondo upang makakuha ang mga bagong oportunidad sa pagpopondo at malubos ang epekto.

# Pagsulong

Kabanata 7



## 7 Pagsulong

Para sa SDCP at sa mga komunidad na pinagsisilbihan nito, ang pagkumpleto ng Planong ito ay simula pa lamang. Binubuo ng Planong ito ang mga opsyon sa programa na maaaring makuha ng SDCP sa susunod na limang taon upang maisulong ang isang pantay-pantay, malinis na enerhiya sa hinaharap para sa rehiyon ng San Diego. Ang mga rekomendasyon sa mga uri ng programa ay nagbibigay ng isang toolbox na magagamit ng SDCP upang matugunan ang mga pangangailangan ng komunidad sa mga paraan na nagbibigay ng pinakamaraming benepisyo.

Sa pagsulong mula sa estratehikong pagpapalano, ang SDCP ay:

- Magpapatuloy sa pakikipagtulungan sa mga stakeholder, na may pokus sa mga Pinagtutuunang Komunidad, upang linawin ang mga elemento ng disenyo ng programa na pumupuno sa mga puwang at dumadaig sa mga hadlang sa pakikilahok;
- Gamitin ang mga panloob na kita para magdala ng mas malaking panlabas na pagpopondo upang matugunan ang mga pangangailangan ng komunidad at ng organisasyon;
- Bumuo ng mga panloob na proseso upang makuha ang data ng programa at suportahan ang patuloy na pagpapabuti sa paglipas ng panahon; at
- Palaguin ang mga matatgumpay na programa para mapalawig ang epekto at mapabilis ang pagbabago.

Ang SDCP ay nakatuon sa pagiging mapanghangad ngunit makatotohanan. Bilang isang bagong CCA, dapat itong magtakda ng matatag na pundasyon sa susunod na limang taon upang makalikha ito ng mga nakapagpapabagong oportunidad para sa lahat sa mga darating na dekada.



Nagpakita ng suporta ang SDCP sa unang laro ng San Diego Wave Futbol Club sa Snapdragon Stadium.